
SIERRA DEL SOL I
HANGGANG MAGWAKAS ANG KAHLANMAN
VANESSA

This e-book is exclusively available for purchase through Whimsical Books Ph for personal use only. If you acquired this copy from a source other than Whimsical Books Ph, please inform us, and we'll reward you for the information.

**All rights reserved.**

**No part of this book**, including screenshots or any other form of reproduction, may be reproduced, distributed, or transmitted in any form or by any means without the prior written permission of the author, except for brief quotations used in critical reviews or other noncommercial uses allowed by copyright law.

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

**Sierra del Sol I:**
**Hanggang Magwakas ang Kailanman**

Copyright © 2024 by Vanessa

eBook ISBN: 978-621-06-2177-8
Paperback ISBN: 978-621-06-2176-1

vanessa-writes.com

Images and illustrations are copyrighted and used with permission from their respective owners.

Distributed by Whimsical Books Ph

First Digital Edition

# BOOK ONE

## PROLOGUE

“Akin na ang bata.”

Napatingin si Edgardo sa asawa. Pawisan ito, magulo ang buhok na karaniwa’y banat na banat at napakalinis ng pagkakapusod. Alam niyang natutuliro ito, isang bagay na hindi madalas mangyari.

Kusa siyang napahakbang paatras, inilayo ang sanggol na karga dito.

All rights reserved

Humakbang palapit ang babae, lumingon sa paligid, saka tumuloy sa silid, pinapasok siya. Kusang sumara ang pinto dahil sa makinarya sa itaas niyon.

"Ipapahamak mo ako ngayon?!" singhal nito sa mahinang tinig, balisa pa rin.

"Hindi tama—"

"Mag-isip ka. Ito ang pinakatama nating magagawa. Masusubaybayan natin ang bata. Give it to me, Edgar. I'm begging you. Don't do this to me now, please!" Sumulyap ito sa babaeng walang malay sa kama, pawisan.

Hinagkan niya sa noo ang sanggol, saka napilitang ipasa iyon sa asawa.

Tumingin ang babae sa isang garbage bag. “Ikaw na’ng bahala,” anito.

Gusto niyang magalit pero alam niyang hindi iyon ang tamang oras. Mag-uusap sila, pero hindi ngayon. Siguro nga, ito ang nakakaalam ng mas tamang gawin. Kinuha na niya ang bag at nagmamadaling lumabas ng silid, naglakad patungo sa parking area, at naghintay lang doon.

Makalipas ang isang oras ay natanawan na niya ang asawa. Nang makapasok ito sa sasakyan ay agad siya nitong tinanong, “Walang nakakita sa `yo?”

Umiling siya. “Wala.”

“Tama ang ginawa natin,” sambit

nito.

Hindi siya umimik dahil hindi siya ganap na sang-ayon. Pero nagawa na nila. Sa isang banda, tama nga siguro na nabiyayaan nila ng isang sanggol ang mag-asawang tiyak na aalagaan ang bata; kaysa ipagkatiwala nila ang sanggol sa basta kung sino, hindi alam kung saan mapupunta, at hindi nila masusubaybayan kung magiging maayos ba ang kalagayan.

“Ikaw at ako lang ang makakaalam,” sambit ng babae. Inabot nito ang kanyang palad, pinisil ng nanlalamig nitong kamay. “Tama ang ginawa natin. Maniwala ka sa akin.”

Tumango siya. Sana nga.

# MULA SA MGA NOTEBOOK NI PASTOR RICO AZARCON

## February 20, 1989

*Panginoon, nawawalan na ako ng lakas. Mga tanong na lang ang naiwan sa akin at tila ba wala akong mahagilap na kasagutan.*

*Bakit Mo sila kinuha?*

*Akala ko, nauunawaan ko ang Iyong mga plano, pero sa pagkawala ng mag-ina ko, naliligaw na ako, nawalan ng pag-asa. Sila ang lahat sa akin, at ngayon, mag-isa kong tinatahak ang landas na ito, puno ng lungkot. Humihiling ako sa Iyo, Panginoon, hindi ng pang-unawa kundi*

All rights reserved

*ng lakas para pasanin ang hindi ko kayang baguhin. Tulungan Mo akong maniwala ulit sa Iyong kabutihan, kahit hindi ko na ito maramdaman.*

*Ibalik Mo ang kapayapaan sa kaluluwa ko, dahil pagod na ako at hapong-hapo.*

*Damdam ko ba sa sarili, naghahari'y pawang lungkot; sang-ayon sa pangako mo, palakasin akong lubos. – Awit 119:28*

## ***June 15, 1989***

*Sa aking lumbay, Panginoon, naghahanap ako ng aliw hindi sa panalangin kundi sa mga panandaliang kasiyahan. Ang ingay ng mga mesa ng*

*casino, ang mabilis na tibok ng puso kong parang nabubuhay ulit sa tuwing naroon ako, pinapatay nito ang sakit at lungkot na nakatanim sa puso ko. Alam kong maling-mali pero tinatawag ako ng sugal.*

*Napakadaling malihis sa Iyo, Panginoon. Alam kong nasa panganib ang aking kaluluwa, pero tila hindi ko kayang talikuran ang bisyong ito. Gabayan mo ako, Panginoon, bago ako tuluyang maligaw sa dilim at kabuktutan.*

*Sapagkat ano ba ang mapapala ng isang tao makamtan man niya ang buong daigdig, ngunit mapapahamak naman ang kanyang sarili? Ano ang maibibigay ng isang tao kapalit ng*

All rights reserved

*kanyang buhay? – Mateo 16:26*

## November 8, 1989

*Minsan tinatawag tayo para gumawa ng kakaibang hakbang para sa ikabubuti ng nakararami. Sinasabi ko sa sarili ko na sa paghiram ng maliit na halaga mula sa ikapu, pinapanatili ko ang kinabukasan ng kongregasyon. Dahil kung wala ang suporta ko at gabay, guguho ang simbahan. Ako lang ang totoong may malasakit sa lahat. At may mga problema man ako nitong huli, ako pa rin ang lider ng kongregasyon, ako pa rin ang magtuturo ng tamang landas. Ako pa rin ang sandalan, ang pundasyon. Hindi ko*

All rights reserved

*puwedeng isuko ang posisyon ko. Walang ibang kayang humawak ng simbahan.*

*Ako'y tao lamang, hindi perpekto, at tiyak na alam Mo, Panginoon, ang laman ng aking puso, kahit na sa kamaliang ito. Babayaran ko rin ang perang hihiramin ko sa simbahan, Panginoon. Alam kong kaya ko, at walang makakaalam. Ama, gawin mo sanang pansamantalang pagsubok lamang ito, na aking maitutuwid agad, at nawa'y pagpalain mo ang aking mga intensyon, kahit ito'y may bahid.*

*Ang bawat isa'y dapat magbigay ayon sa kanyang pasya, maluwag sa loob at hindi napipilitan lamang, sapagkat iniibig ng Diyos ang nagbibigay nang may*

All rights reserved

*kagalakan. – 2 Corinto 9:7*

## ***January 5, 1990***

*Panginoon, sinabi Mo na subukin Kita, na bubuksan Mo ang langit para sa mga naniniwala. Pero bakit ganito? Bakit, sa oras na kailangan Kita, pinapahiya Mo ako? Sapat nang kinuha Mo ang asawa't anak ko. Sapat na ang pagdurusa ko para sa Iyong pangalan. Ngayon, sa pagkakataong kailangan kong manalo, sa tanging oras na kailangan kong ibalik ang kinuha ko sa simbahan, pinabayaan Mo akong matalo? Nasaan ang pagpapalang ipinangako Mo?*

*Kung tunay na mahal Mo ako, at ako'y*

*nanilbihan sa Iyo, bakit ang sarili Mo pang salita ang binigo Mo? Hindi ba't Ikaw mismo ang nagsabing subukin Kita? Sana'y ibigay Mo ang tulong na ito, Panginoon, kung mayroon pang natitira sa Iyong awa para sa akin. Kung wala, ano na ang silbi ng aking mga sakripisyo* PARA SA IYO?!

*Ang mga kamay mo ang sa aki'y*
*lumikha, ngayo'y kamay mo rin*
*ang sa aki'y sumisira.*
*Di ba't mula sa lupa ay ginawa*
*mo ako, ngayon ba'y pupulbusin*
*at ibabalik dito? – Job 10:8-9*

All rights reserved

## *January 31, 1990*

*Panginoon, bakit Mo ako hinayaan magkamali at ngayon ay nahaharap ako sa kahihiyan? Si Brother Ramon, ang taong iyon na hindi ko alam kung bakit binotong ingat-yaman ng kongregasyon, alam kong nagdududa na siya sa akin. Tinatanong na niya ako kung nasaan ang mga materyales na pampagawa ng extension ng simbahan. Sinabi ko na lang na hindi pa dumarating pero aaregluhin ko. May inis na siya kanina dahil pinauwi na lang daw niya ang mga trabahador at baka hindi na raw namin makuha sa susunod dahil nasayang ang araw nila. Alam kong iniimbestigahan na niya ako,*

All rights reserved

*at natatakot akong malaman niya ang totoo. Kapag sinabi na niya sa asawa niya, kung hindi pa niya nababanggit, malamang na sa susunod na meeting, alisin na nila ako sa puwesto.*

*Hindi ba't Ikaw ang nangako na tutulungan Mo ang Iyong mga lingkod sa panahon ng kanilang pangangailangan?*

*Nasaan Ka ngayon, Panginoon, sa oras na ako'y nasa alanganin? Hindi ko sinadyang magkamali, at hindi ko ginustong matalo. Pero nandito na tayo ngayon. Kailangan kong ayusin ang gusot na ito at inaasahan kong ipapakita Mo ang Iyong kapangyarihan ngayon, bago tuluyang masira ang lahat sa buhay ko, ang reputasyon ko.*

All rights reserved

*Kinuha Mo na ang mag-ina ko, tulungan Mo ako ngayon!*

*Tulungan Mo akong maibalik ang pera ng simbahan at mabura ang mga hinala sa akin, nagmamakaawa ako sa Iyo, o, Dios. Kung totoo Kang Dios ng hustisya, ngayon na ang pagkakataon para tulungan Mo ako. Sinubok Mo ako, gaya ng Iyong sinabi, at nawa'y magpakita Ka ng biyaya sa akin. Sapagkat kung hindi, mawawalan ng kabuluhan ang lahat ng sakripisyo ko PARA SA IYO!*

*Di mo pinakinggan, O Diyos, ang aking pagdaing, aking panalangin, hindi mo man lang pinansin. – Job 30:20*

All rights reserved

## *February 17, 1990*

*Sa pinakamadilim na mga araw ng buhay ko, noong parang wala nang pag-asa at lahat nakapatong sa akin, dumating Ka, Panginoon, sa paraang hindi ko inaasahan. Nagbigay Ka ng daan sa pamamagitan ng isang matagal nang kaibigan—si Edgar. Matagal na kaming hindi nagkakausap pero noong Araw ng mga Puso, nagsimba siya. Tingnan mo nga naman ang pagkakataon.*

*Siya ang sagot sa mga hinaing ko. Hindi ako natatakot sabihin sa kanya ang mga problema ko dahil ako rin ang kasama niya noon sa mga dinadala niya. Sa Iyong awa, o Dios, dumating ang*

All rights reserved

*solusyon sa problema ko.*

*Hindi ko maitatanggi, Panginoon, na nagkamali ako. Lumayo ako sa tamang landas, nabulag ng lungkot at pagkaganid, at nagnasang manalo ng pera sa masamang paraan. Sinamantala ko ang tiwala ng simbahan, umasa sa sugal. Subalit pinadala Mo si Edgar, na nagmalasakit sa kabila ng sarili niyang pinagdadaanan.*

*Hindi siya nagtanong, hindi nagduda, kundi kusang tumulong. Nawa'y palakasin Mo siya, Panginoon, at tulungan Mo siyang malampasan ang mga sarili niyang pagsubok. Tulungan Mo siyang makahanap ng kapayapaan sa sarili niyang buhay, sa piling ng asawa*

All rights reserved

*niya at sa kanilang anak na mukhang naliligaw din ng landas kahit napakabata pa at siyang prayer request niya kanina.*

*Tulungan Mo ako, Panginoon, na maging karapat-dapat sa biyayang ito at patuloy na gabayan sa tamang landas.*

*At buhat sa hindi mauubos na kayamanan ng Diyos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Cristo Jesus.*

– Filipos 4:19

**April 8, 1990**

*Panginoon, hanggang kailan Mo ako hahayaang masadlak sa kadiliman? Hindi*

All rights reserved

*ko na mabilang kung ilang beses akong nagdasal at humingi ng tulong, pero tila mas malakas pa ang tukso ng sugal kaysa sa biyayang ipinapangako Mo. Bakit Mo ako pinabayaan? Hindi ba't Ikaw ang sandigan ng mga lingkod Mo? Pero ngayon, sa panahong kailangan kita, tila napakalayo Mo!*

*Kailangan ko na namang manghiram kay Edgar. Nahihiya na ako, Panginoon—isa siyang mabuting tao na walang ibang ginawa kundi ang tumulong.*

*Paano ako makakabangon mula dito? Bakit ang mga pangako Mo pa ang tila walang bisa sa akin?*

*Sinabi Mo, huwag kaming matakot sapagkat Ikaw ang kasama namin. Pero*

*nasaan* Ka? Bakit *hinayaan* Mong *lamunin ako ng bisyong ito?* Kailangan *ko ang lakas* Mo *para makawala, pero parang nag-iisa ako sa laban na ito.* Kung *totoo* Kang *Diyos ng hustisya, patunayan* Mo *ito.* Tulungan Mo *akong bumangon.* Sapagkat *kung hindi, paano ako makakapagpatotoo na hindi* Mo *ako pinabayaan?*

O Diyos *ko!* Diyos *ko!*
Bakit *mo ako pinabayaan?*
Sumisigaw *ako ng saklolo, ngunit bakit*
*di mo ako tinutulungan?* – Awit 22:1

## November 6, 1990

*Panginoon, marahil ito ang pagkakataon na ipinadala Mo sa akin, gaya ng pagkakataon na ibinigay Mo kay Elias upang ipakita ang kapangyarihan Mo. Sinabi Mong si Elias ay nanalangin, at sa panalangin niya'y umayon ang mga pangyayari sa kanyang kagustuhan.*

*Sa Iyong mga aral, natutuhan ko na ang panalangin ay may kapangyarihan. At siguro, ang sanggol na dala ni Edgar kahapon ang tugon sa lahat ng aking dasal. Bakit hindi ko siya gamitin para sa kapakanan ko?*

*Kung mali ito sa Iyong mga mata, Panginoon, bakit Mo pinahintulutang sa*

All rights reserved

*akin siya mapunta? Baka ito ang Iyong kalooban, na ang aking tagumpay ay darating hindi sa landas ng kabanalan kundi sa landas ng kabuktutan. Hayaan Mong gamitin ko ang batang ito dahil kung tutuusin ay mas maigi pa rin kaysa gamitin ko ang pera ng simbahan.*

*Si Elias ay isang taong may pitang gaya rin ng atin, at siya'y nanalangin ng buong ningas na huwag umulan; at hindi umulan sa lupa sa loob ng tatlong taon at anim na buwan. At muli siyang nanalangin; at ang langit ay nagbigay ng ulan, at ang lupa ay namunga ng kaniyang bunga. – Santiago 5:17-18*

All rights reserved

# CHAPTER 1

"Amen," sambit ni Estrelita, kasabay ng karamihan sa mga nakikiramay sa pagpanaw ni Don Antonio Romero.

Nasa kalikud-lukuran siya, hindi nagpapakita sa lahat, may suot na belo at tinatakpan ng panyo ang bibig. Hindi siya para makiagaw ng atensiyon ng kahit na sino. Gusto lang niyang maihatid sa huling hantungan ang tanging Romero na tumanggap sa

All rights reserved

kanya. Hindi man ganap, tinanggap pa rin siya, tinawag na "apo," at nagbigay ng tulong sa kanyang mga magulang at lola.

Pero wala na ni katiting sa ibinigay nito ang natira—ang magandang bahay, ang sasakyan, ang malaking farm. Lahat ng iyon ay unti-unting naubos sa kamalasan. Sa kasamaang-palad, ang kanyang ama ang namahala sa lahat ng iyon at ito rin ang dahilan kaya nasaid ang kabuhayan nila. At nang pumanaw ang kanyang ama ay anong hinagpis ni Don Antonio, bale-wala kahit pa hindi naging maayos ang palakad ng anak nito sa negosyo. Sana lang daw ay sinabi nito, humingi ng tulong kung labis-

labis nang nahihirapan.

Pero humingi ng tulong ang kanyang ama nang wala na ang lahat ng kabuhayan nila. Hindi nga lang nakarating ang pagpapasaklolo nito sa ama dahil sa asawa niyon, si Doña Dominica.

Anak ni Don Antonio Romero ang ama ni Lita kay Estrella Salcedo, isang tindera ng tinapa noong araw. Buhay pa si Estrella. Sa katunayan ay katabi niya sa likod ng malaking simbahan ng bayan, tahimik na lumuluha, at tulad niya ay may belo sa ulo, nakatakip ng panyo sa bibig para wala ni isang makapansin na naroon ang kabit ng pumanaw na don.

Ang tingin ng marami sa mga tulad nito ay masama. “Homewrecker,” sabi nga. Wala na silang magagawa pa roon. Nagkamali ito pero totoong minahal ang don. Hindi na muli pang nag-asawa ang babae. At nang pumanaw ang nag-iisang anak ay labis ang naging dalamhati nito. Biglaan ang lahat, aksidente sa motorsiklo, hindi inaasahan.

“Tara na po,” bulong ni Lita sa matanda nang ianunsiyong ihahatid na sa huling hantungan ang don.

Kailangan nilang makalabas at maghintay hanggang sa mauna ang lehitimong pamilya sa paglalakad patungo sa sementeryo. Nanatili sila sa

gilid ng simbahan, hinintay numipis ang pagkakapal na tao, lahat ay nakikiramay sa isa sa tatlong ama ng Sierra del Sol. Isa sa tatlong kalalakihang dumayo roon, nagtaguyod ng bayan, at hindi na lumisan.

Naglakad na rin sila ng lola niya mayamaya. Malakas pa ito, kayang-kaya pa ang lakarin. Hindi rin naman malayo ang sementeryo sa simbahan. Sa isang malaking lote sila humantong, malayo sa puntod ng kanyang ama. Mayroong musoleo sa lote, napakalaki. May isa nang puntod doon at sa unahan ay isang napakagandang painting ni Señora Amalia Romero, ang ina ni Don Antonio.

Hindi maiwasan ni Lita na mag-obserba mula sa malayo. Namataan niya ang mayor ng bayan, maging ang congressman, at gobernador—lahat ay Gallego, mga anak at apo ng nasirang Senador Jaime Gallego, mortal na kaaway ni Antonio Romero. Iyon ang sabi-sabi. Pero paano nga bang hindi dadalo at makikiramay ang mga kaanak nito gayong napakalaking tao ni Don Antonio? Hindi magandang tingnan kung hindi makikiramay ang mga politiko.

Naroon din si Ka Pablo Alvarez, mas bata ng limang taon sa pumanaw pero malakas pa. Nakita pa nga ni Lita noong nakaraang buwan sa simbahan.

All rights reserved

Sina Ka Pablo, Senator Jaime Gallego, at ang pumanaw na Don Antonio ang tatlong ama ng Sierrra del Sol. Anak ng mga guerilla noong World War II ang mga ito, na ilang taon matapos sumuko ang mga Hapon ay napadpad sa Sierra del Sol, sa panahong nagsisimulang bumangon ang bansa.

Si Ka Pablo Alvarez ang pinakabata sa tatlo, at siguro ay katulad ng lolo ni Lita sa isang aspeto—ito man ay nagkaroon din ng karelasyon bukod sa asawa nito. Kabit, sa madaling sabi. Gayunman, pumanaw na ang babae noon pang unang panahon, balitang nagkaroon ng TB; habang ang ilan ay ni hindi naniniwalang makakaya ni Ka Pablo

ang magkaroon ng kabit dahil napakabuti nito.

Ano't anoman, sa tatlong ama ng bayan, si Lita pa rin ang nag-iisang... Ano nga ba ang tawag sa kanya? Mantsa? Dumi? Pilat? Lamat? Dahil ganoon ang pakiramdam kapag ang buong bayan ay nakakaalam na ang kanyang lola ay nakasira ng isang perpekto sanang pamilya.

Hindi pala nawawala ang ganoong imahen ng isang tao sa kabila ng pag-andar ng panahon. Sa isip ng lahat, sila ang dahilan kaya hindi perpekto ang larawan ng isang pamilyang iginagalang at tinitingala hindi lang sa Sierra del Sol kundi maging sa buong

All rights reserved

bansa.

Ilang tsismosa na ba ang tila hindi nakatiis na nagbulong sa kanya noon pa man na mayroon siyang mamanahin? Ilang manang na ba ang humila sa kanya bago pa man pumanaw ang kanyang ama, para lang itanong, "*Bakit hindi kunin ng ama mo ang mana niya*?" Magkakaiba man ang paraan ng pagkakasabi ay iisa ang sumatotal—hindi sila dapat naghihirap dahil isa sa pinakamayaman sa bansa ang lolo niya.

Noon pa ay sinabi na ng lola niya na hindi sila maghahabol ng pera sa mga Romero. Bukod doon ay natitiyak naman nitong ipinangalan na ng asawa ng lolo niya ang mga ari-arian ng don sa

mga anak ng mga ito nang sa gayon ay walang maparte ang kanyang ama. Napatunayan din nila iyon nang minsang magtungo ang kanyang ama sa Villa Amalia, kung saan naroon ang ancestral home ng mga Romero, at mismong asawa ng don ang nagsabi ritong wala itong makukuha bilang babala.

Galit na galit ang kanyang lola noon sa kanyang ama. Bakit daw nagtungo pa roon para mamalimos gayong kabilin-bilinan ditong hinding-hindi sila lalapit. Kung merong bigay, meron. Kung wala, magtitiis sila.

Pero malas sa lahat ang kanyang ama. Anoman ang simulan nitong

All rights reserved

negosyo ay hindi nagtatagumpay. Ilang ulit na rin silang nabigyan ng lolo niya ng puhunan. Alam niya na nagtiyaga ang kanyang ama, pero palaging nalulugi sa dami ng kakilalang pinapautang. Kung hindi sa ganoon ay sa maling diskarte. At sa huling pinakamalaking negosyong sinimulan nito, isang farm, ay nadale maging ang kanilang bahay. Hindi nito sinasabi sa kanila na nabaon na ito sa utang dahil sa maling palakad sa farm. Dahil dito nakapangalan ang bahay nila ay naisangla rin iyon sa pag-asang makakabawi sa susunod na anihan. Pero sinalanta ng bagyo ang Sierra del Sol. Anomang pagtatangka nitong

makabawi, nauwi rin sa pagbebenta ng nalalabing gamit ang lahat at pagbebenta ng lupain para may matira kahit paano matapos makabayad sa mga utang.

Noon nagtungo sa Villa Amalia ang kanyang ama at napahiya sa asawa ng ama nito. Kaya ang natirang pera, sa halip na idagdag sa hihiramin sanang puhunan, ginamit na lang para makabili ng kapirasong lupang malapit sa ilat. Excess lot, pamigay ng gobyerno kaya binebenta nang mura ng nakatanggap ng award. Bumili rin ng second-hand na motorsiklo ang tatay niya, tumanggap ng mga patrabaho. Lahat kaya nito—magkarpintero,

All rights reserved

magtubero, mag-electrician.

Ang kanyang ina at lola naman ay magkatulong na gumawa ng itlog na pula at tinapa na binebenta ng kanyang nanay sa palengke. May kumare itong napupuwestuhan doon.

Ang munting bahay na planong ipaayos paglaon ay hindi na napagawa dahil pumanaw na ang kanyang ama habang sakay ng motorsiklo nito. Tumulong ang kanyang lolo sa pagpapalibing at pagsasaayos ng lahat, may pangakong bibigyan sila ng panibagong bahay at puhunan. Ikukuha rin daw siya ng educational plan. Hindi raw nito alam na nagtungo ang kanyang ama sa Villa Amalia.

All rights reserved

Noong panahong iyon ay inoperahan ito. Ang cellphone nito ay hawak ng asawa. Hindi rin daw ipinaalam ditong pinuntahan ito ng kanyang ama. Kung nalaman daw nito ay hindi na sana nauwi ang lahat sa ganoon.

Pero hindi pa man naibibigay sa kanila ng matanda ang nasabing tulong ay na-stroke na ito, dahilan para matali ito sa kama sa loob ng limang taon. At ngayon nga ay heto, inihatid na sa huling hantungan.

Tumulo ang mga luha niya nang ilagak na ang puting ataul sa hukay. Lumapit ang ilang tao nang ganap nang maibaba ang ataul, nag-itsa ng bulaklak. Lalo na siyang napaluha dahil

hindi man lang makakapaghagis ng rosas ang kanyang lola, ni hindi makakalapit pa sa tanging lalaking minahal nito. Hayun lamang sila, sa gilid ng isang malaking puno, natatakpan ng mga tao bagaman nakakasilip naman sa kaganapan. Walang nakakapansin sa kanila at kung meron man, hindi na sila makikilala pa. Hindi lang sila ang mahirap sa nakiramay. Naroon ang sandamakmak na tauhan ng mga barangay, mga magsasaka, mga mangingisda, mga tauhan, at mga ordinaryong taong natulungan ng pamilya Romero. Hindi rin sila mapapansin ng mga kaanak ng don dahil nasa unahan ang mga iyon,

All rights reserved

napapaligiran ng mga mahal sa buhay at malalaking tao.

Hanggang matabunan na ang hukay, at isa-isa nang nag-alisan ang magagarang sasakyan. Maging ang mga jeep na arkilado ng mga barangay ay naubos na rin. Kung kailan ilang tauhan na lang ng sementeryo ang naglilinis sa puntod at paligid niyon ay lumapit sila ng lola niya.

Kinuha nito mula sa bulsa ng bestida ang mga sampaguitang pinitas sa bakuran nila, saka isinaboy sa bagong tabon na hukay.

"Hanggang sa muli, mahal," sambit nito.

Niyakap niya ang matandang

All rights reserved

humagulhol. Hindi malinaw sa kanya kung paano nabuo ang pag-iibigan ng dalawa pero nakita niya sa lumang larawan ang mga ito, lalo na noong bata pa ang kanyang ama, na mahal ng mga ito ang isa't isa. Nakatabi pa rin ang mga litratong kuha noong binyag ng kanyang ama, sa likod ay nakasulat ang petsa at taon. Malabo pa ang mga picture noon kaya parang lahat ng tao ay kayumanggi ang balat.

"Tara na po, `La. Gagabihin na tayo," aniya rito.

Tumango lang ang matanda, saka sila naglakad nang mabagal. Pinupunasan nito ang mga mata.

"Sabi niya sa akin noon, hihintayin

All rights reserved

niya ako sa langit," sambit nito, tila sa sarili lang. "Kung maunahan ako ni Dominica, ni hindi ako makakalapit."

"Hindi naman po `yon sa langit mapupunta, `La," aniya.

Sukat bigla itong napahagikgik, saka diniinan ang braso niya. "Napakalokong bata."

"Kung sakali po, ise-save naman ni Tatay ang puwesto ninyo. Hindi `yon papayag na maunahan kayo ng kalaban."

Humagikgik na naman ang matanda, kahit panay ang punas ng mga mata. "Antonio, masdan mong apo mo."

Napangiti siya. "`La, bakit hindi ka na nag-asawa?" naitanong niyang bigla.

All rights reserved

Natigilan ito, huminto sa paglalakad, saka siya hinarap. “Ang sabi ng nanay, suwerte daw ang lalaking mamahalin ko. Dahil daw tulad niya ako—minsan lang umibig. At nakikita ko ang sarili ko sa `yo, Lita. Kaya pipili ka ng tama. Sumalangit nawa ang lolo mo, pero hindi siya ang tama, sa palagay ko. Pero sa huli, pipiliin ko pa ring maging mali dahil sa inyo ng ama mo.”

Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman sa sinabing iyon ng matanda. Puwede pala ang ganoon, ang tanggapin ang mali dahil sa resulta at uulitin pa rin. Kung ganoon, mali ba iyong talaga? Ibig sabihin, sa tinagal-tagal ng panahon, naniwala ang lola

niyang maling tao ang minahal nito? Ah, ewan. Sabi nga sa internet, “it’s complicated.” Mantakin mong noong unang panahon pa pala nauso iyon.

Muli na silang naglakad palabas ng sementeryo. Wala silang pagkain sa bahay kaya niyaya niya ang matandang dumaan sa panciteria sa bayan. Nagpabalot lang siya ng pancit at siopao, saka sila nag-tricycle pauwi. Nilakad nila ang makitid na daan patungo sa excess lot. Sadyang mainam na malakas pa ang lola niya. Kunsabagay, wala pa itong sitenta.

Nang makauwi ay naghain na siya. Ang sabi ng nanay niya kanina ay huwag na nila itong hintayin. Mag-o-OT daw

All rights reserved

ito sa patahian. Nitong nakaraan ay namasukan na ito dahil humina ang benta sa palengke.

"Kailan ka ba magtutuloy sa kolehiyo, apo?" tanong ng lola niya habang nagpipiga ng kalamansi sa pancit.

"Baka po next year na, `La." Second year na sana siya kung hindi tumigil. Hindi na nila kaya ang gastusin noong huli. Hindi siya scholar. Hindi siya mahusay sa eskuwela bagaman noon pa man, mahilig na siya sa mathematics. Doon lang yata siya magaling, hindi sapat para maging scholar.

"Sana matapos ka agad. Sabi ko nga sa nanay mo, makakaipon naman

All rights reserved

siguro tayo para hindi ka na mahinto kapag nagsimula ka na ulit. Kung hindi nga lang at kinailangang remedyuhan ang bubong, sana'y naka-enroll ka."

"Wala pong problema, `La," aniyang ngumiti. May ipon sana ang nanay niya para sa enrollment niya, pero biglang bumigay ang bubong nila kaya sinabi niyang unahin na iyon, kaysa naman pagsapit ng tag-ulan ay wala silang masilungan. "Hindi naman po ako nagmamadali, `La. Bata pa ako."

"Bata ba `yang beinte anyos? Ngayong taon, magbebeinte uno ka na. Beinte uno ako nagbuntis sa ama mo."

"Maaga kang lumandi, `La," kantiyaw niya rito. Oras na siguro para

All rights reserved

malaman niya ang kuwentong parang noon pa nito iniiwasang ilahad. Siguro ay nakahiyaan. Dalagang Pilipina kasi ito sa madaming bagay.

"Luka-lukang bata." Sumubo ito ng pancit.

"Saan mo nakilala ang Lolo, `La?"

Tumingin ito sa kanya, saka nagtaas ng balikat. Siguro ay naisip na walang dahilan para hindi sagutin ang kanyang tanong.

"Isang hapong maulan, nasa Ilaya ako. Pinuntahan ko ang tiyahin ko doon. No'ng araw, eh, hindi pa naman tulad ngayon na madami nang daanan. *Rap rod* pa noon ang mga kalsada. May dumaang magarang sasakyan. `Ku,

pagkalaki. Bumaba ang bintana at nakita ko siya. Sino ang hindi makakakilala sa kanya? Bumati ako. Ngumiti siya sa akin. `Ku, pagkaguwapo! Parang si Fernando Poe!" Napahagikgik pa ang matanda na parang teenager na nagkukuwento tungkol sa crush.

"Mas matanda siya sa akin, eh. Ako'y beinte, siya nama'y treinta y dos na noon, kung hindi ako nagkakamali. Ang sabi niya, ihahatid daw ako. Wala na raw akong masasakyan. Alam ko naman iyon at ang totoo'y gusto ko nang maglakad pabalik sa mga tiyahin ko at hula ko'y wala nang jeep sa pilahan. Pero dahil nag-alok siya,

All rights reserved

sumakay ako. Alam mo, noong panahon na `yon, kung mahuhuli kang dalagang sasakay sa kotse ng binata, sigurado nang kailangan mong pakasalan. Ang kaso'y pamilyado at may-edad na nga ang ganoon no'ng araw, kaya alam kong walang magiging problema. Kumbaga'y wala namang magbibigay ng malisya, lalo na't iginagalang dito sa atin.

"Nagkuwentuhan kami at hindi siya nagpakita ng kahit na anong pagmamaliit sa akin kahit pagtitinapa ang hanapbuhay ko at ng nanay. Kinalunisan, nabigla ako nang dumalaw sa bahay; papakyawin na raw ang mga tinapa bago ko pa maitinda.

All rights reserved

Noong una, hindi ko naman naisip na may gusto sa akin dahil alam ko namang may asawa. Pero kalaunan, nagkikita na kami sa kung saan-saang lugar. Napakabait niya. Nahulog ang loob ko.

"Hanggang sa mabuntis ako sa ama mo at takot na takot man ako, sabi ko, bubuhayin ko ang bata. Sabi niya, susuportahan niya ako. At ginawa niya naman. Maalwan ang buhay natin noon. Hanggang noong tatlong taon na ang ama mo. Doon na ako kinausap ni Dominica."

Maingat na pinaikot ng matanda ang pancit sa tindor, sinubo, ngumuya, uminom ng tubig, bago nagpatuloy.

All rights reserved

“Matapang siya, Lita, at nasa kanya ang lahat ng karapatang magalit sa akin. Nangako siyang wala akong mapapala, na `wag kong asahang may makukuha ako kailanman. Layuan ko raw ang lolo mo, kung hindi ay magsisisi ako. Sa puntong iyon ko naunawaang kailangan kong layuan si Antonio. Nakakasakit ako ng iba. Kaya kinausap ko siya at nagkasundo kaming maghiwalay na... Siguro, iyon ang pinakamalungkot na bahagi ng buhay ko, apo.” Inabot nito ang panyong palaging nakasuksok sa bulsa para ipunas sa mga mata.

Humigit-kumulang limang dekada na siguro iyong nakalipas base sa

All rights reserved

mabilisan niyang pagkukuwenta, pero iniiyakan pa rin ng lola niya. Siguro nga tama ang nanay nito—minsan lang itong umibig. Puwede pala ang ganoon. Pero hindi siguro siya ganoon dahil iyong puppy love niya noong high school, ni hindi na niya maalala kung bakit niya nagustuhan samantalang nang makita niya sa plaza noong nakaraan ay napangitan pa siya at naitanong sa sarili kung ano kaya ang nakita niya doon noon.

"Tahan na, `La," pag-aalo niya rito. "Naka-reserve na ang upuan ninyo sa tabi niya. Alam n'yo naman ang Tatay."

Muli itong napangiti. "Kunsabagay nga, Lita. Alam mo, noon pa man,

ginigiit na ng ama mong ipaglaban natin ang atin. Pero matalino si Dominica. Isa pa, saan ako kukuha ng lakas ng loob makihati sa pinaghirapan ng mag-asawa kung ako nga ang naghatid ng sama ng loob sa pamilyang iyon?"

"Hindi ikaw, `La."

"Ako."

"Kayo ni Lolo," pagtatama niya.

Napatawa itong muli, pero tumango. "At siguro napakatagal niya ring pinagdusahan ang kasalanan niya kay Dominica."

"`Wag n'yo na `yong problemahin at nagdusa rin naman po kayo."

"Napakaloko mo talagang bata ka."

All rights reserved

Napahagikgik siya, saka piniraso ang siopao. "Bakit po ba talaga sila nag-away ni Senator Gallego?" Sumubo siya ng tinapay ng siopao, mabilis iyong nginuya at nilunok. "Sabi po, eh, si Lolo daw po ang may pasimuno. Pero puro tsismis naman ang naririnig ko. Sabi, eh, dahil daw po sa lupain? Nagkaagawan daw po. Saka parang magkakapatid silang lumalabas daw po, eh—siya, si Senator, si Ka Pablo. Mga anak lumalabas lahat ni Señora Amalia. Paano po nangyari `yon?"

Tumango ang lola niya. "Noong panahon ng Hapon, gerilya ang ama nilang tatlo. Magkakasama sila at ang mga nanay nila pero tubong Pangasinan

ang pamilya nina Antonio at Pablo, si Senador naman, eh, Ilocos Norte. Pero dahil nga sa giyera, palibhasa mga gerilya ang ama, nauwi silang lahat sa La Union.

“Sa kasamaang-palad, bago sumuko ang mga Hapon, iyong mga ama nila, nadale sa engkuwentro. Kalaunan, ang mga bata at si Amalia na lang ang natira. Kinupkop na rin ni Amalia ang mga bata, at nakapangasawa ng taga-Batangas. Doon sila lumaki. Hanggang sa mapadpad dito nang pumanaw iyong mag-asawa sa sakit. Cholera yata.

“No’ng araw, madami daw ditong mga inabandonang mga lupa, iyong mga hindi na pinagpatuloy na negosyo

All rights reserved

ng mga Amerikano o iyong mga Pilipinong may kasosyong mga Amerikano. Iyong mga lupaing iyon, karamihan madami nang punong napatumba, pinakinabangan, tinroso, kaya mura nang binebenta. Wala pa namang mga malalaking kalsada no'ng araw dito.

"Do'n nagsimula hanggang sa nagkaroon ng alitan iyong dalawa—ang lolo mo at si Senador, habang si Pablo naman daw ay pumagitna lang. Kalaunan, napunta sa lolo mo ang pinakamalaking parte ng lupa, habang si Senador, eh, tumutok na sa politika."

"Habang tayo, `La, nabiktima ni Dominica," aniya.

All rights reserved

"Nakow, ang batang `to. Malaki ang atraso ko doon."

"Wala naman po tayong ginagawa sa kanya. Hindi po ba't sa batas, may karapatan namang talaga ang Tatay?"

"Maaari, pero hindi na tayo para humabol kung nakasakit na tayo ng isang buong pamilya, apo."

Tumango siya. "Hindi bale, `La. Kapag nakapagtapos ako, mag-a-abroad po ako. Kapag mayaman na ako, bibilhan kita ng malaking lupain. Tatawagin nating Villa Estrella. Talo sila do'n!"

"`Kow, ang batang `to." Napailing ang matanda bagaman nakangiti. "Kumusta ba ang trabaho mo do'n sa

All rights reserved

barangay?"

"Okay naman po, `La. Mabait po si Kap."

Inabot ng matanda ang kanyang braso at hinigit para itaob. "`Kow, halos hanggang ilalim, kanegra-negra mo na. Sinabi ko na sa `yong `wag ka nang magbisikleta."

Napaismid siya. "`La, mestiza pa rin `to. Gatas na may konting kape." Napahagikgik siya. "Diyosme, kayo naman, eh, takot na takot mawala ang pamana ng irog ninyong kaputian sa dugo nating alipin."

Tawa nang tawa ang matanda. Gustong-gusto niya itong makitang masaya. Sa dami ng pinagdaanan nilang

All rights reserved

hirap, dapat lang na sa huling mga taon nito ay makaranas naman ng saya. At sana ginhawa. Araw-araw niyang dalangin na sana ay maabutan pa nito ang pag-asenso nila, kahit parang matagal pa iyon bago dumating.

"Patingin ng binti mo," anito.

Tumayo siya, itinaas ang bestida. Pinaikot siya nito. Tumalima siya at nang hindi makuntento ay naglakad tulad ng mga nakikita niyang model sa TV. Tawa nang tawa ang matanda.

"Kahit pala kandapedal ka araw-araw, hugis pandalaga pa rin."

"Ano po ang hugis pandalaga?"

Napatingin sila sa kanyang bagong dating na nanay. Agad itong tumuloy

matapos magpalit ng tsinelas na nasa tabing pintuan. May bitbit itong isang plastic bag ng gulay. Malamang na napadaan sa mga kakilala para manghingi ng kung anong tanim.

Inabot niya ang plastic bag. "Ang binti ko po, `Nay. Kung taga-Maynila lang tayo, noon pa sana kayo nagkaro'n ng anak na artista. Sigurado nang panalo ako sa Bahay ni Kuya."

Dinala na niya sa kusina ang plastic bag.

"`Kow, napakaloka niyang anak mo. Manang-mana sa ama."

Tumawa ang nanay niya. "Kumusta po ang libing, `Nay?"

Nagbalik na si Lita sa komedor,

inihain ang dalang plato sa ina, saka bumalik sa puwesto.

"Nando'n po ang mga sikat, `Nay. Siguro `yong iba do'n mga bigatin din. Ang daming mga naka-barong na bodyguard, eh. Dinig ko sa chismis sa simbahan kanina, `Nay, ilang helicopter daw ang lumapag sa Villa Amalia. Piyesta na naman ang tsismisan ng Bayang Luma."

Literal na bayang luma ang Bayang Luma. Iyon ang dating sentro ng kalakalan at noong unang panahon ay napatayuan ng tulay para sa mga magtotroso na kalaunan ay inabandona na rin ang mga nakalbong lupain. "Lumang tulay" din ang tawag sa halos

hindi na nadadaanang tulay dahil may mga rough road na bahagi makatawid doon. Higit ding malaki at mas konektado sa malalaking kalsada ang mga pinatayo ng DPWH sa Bayang Bago.

Mula nang pasukin ni Jaime Gallego ang politika, ang pagkalawak na lupain noon ng tatlong ama ng Sierra del Sol ay nahati at nalagay sa tatlong distrito—Bayang Luma, Bayang Bago, at Masantol. Ang sentro ng bayan ay inilipat ni Jaime Gallego malapit sa bahagi nito ng lupain at doon nagpalagay ng malalaking kalsada, pampublikong ospital, bagong munisipyo, at marami pang iba. Habang naiwan sa Bayang Luma ang

sinauna at munting munisipyo na naging barangay hall na ngayon, kung saan naman ume-extra si Lita bilang bookkeeper at tagaayos ng mga papeles. Accountancy ang kurso niya.

Bukod sa pag-extra sa barangay ay namamasukan din siya sa taniman ni Ka Berting. Lupain ni Ka Pablo iyon pero matagal nang pinaparentahan sa mga magsasaka sa maliit na halaga. Ang pangatlo niyang trabaho ay part-time clerk/cashier/teller sa Lakas-Saka Cooperative, malaking kooperatiba ng mga magsasaka. Ang paniniwala niya ay kayod lang nang kayod hanggang sa magtagumpay sa buhay. Ang armas niya sa ngayon, isang bisikleta.

All rights reserved

Ang bahay nila ay malapit sa lahat ng pinapasukan niya, at kayang-kaya niyang ibisikleta`. Kaysa naman maubos ang sahod niya sa pamasahe.

"Siyempre, puro mga sikat ang nakiramay. Madami rin siguradong mga politiko kaya madaming helicopter," komento ng nanay niya.

"Hindi ko naman nakilala at hindi rin ako masyadong makapag-usisa at gawa ng alam mo naman ang sitwasyon," paliwanag ng lola niya, kaswal ang tinig. Sa tahanan nila, kapag ang kanyang lolo ang paksa na bihira kung mangyari, hindi na nila kailangan pang banggitin ang mga detalye. Understood na.

"Kumusta naman po ang pakiramdam n'yo, `Nay?" patuloy ng nanay niya. Alam nila pareho na grabeng magmahal ang lola niya. Kahit ang ilang damit ng nasirang don ay nakatabi pa rin at parang bago pa. Mayroong munting baul ang matanda, naglalaman ng lahat ng alaala ng ama ng anak nito. Ang kuwento ng nanay niya, may mga nanligaw naman daw sa lola niya kahit noong may anak na, at kahit nga raw noong baby pa siya at lola na ito. Pero ayaw na nito sa kahit na sino.

"Ay, ano na naman ang nahagip mo pag-uwi?" tanong ng lola niya sa nanay niya.

"Papaya po at dahong ampalaya. Magkakatay daw si Gunding bukas ng manok. Bibigyan daw ako."

"Nanliligaw ba sa `yo?" usisa ng lola niya.

"Ay, hindi po, `Nay. Silahis po `yon. Bibigyan ako dahil kukulayan ko siya ng buhok."

Ang lakas ng tawa ni Lita. Uso pa pala ang salitang "silahis." Pero sanay na siya; parehong sinauna ang lola at nanay niya. Ni ayaw ngang mag-internet ng nanay niya kahit ang mga kaedad nito raw ang pinakamalakas mag-Facebook. Bukod sa pananahi, suma-sideline ang babae ng mani-pedi, pati pagkukulay ng buhok, rebond,

All rights reserved

trim, at iba pa. Nag-aral ito sa libreng programa noon ni Ricky Reyes.

Inabot na sila ng higit isang oras sa hapag, nagkukuwentuhan at nagkakatawanan. May lumbay na panaka-nakang sumisilip sa mga mata ng lola niya pero alam niyang magiging maayos ang kalagayan nito. Siguro ay natanggap na noon pa na darating na ang oras ng lolo niya. Ilang taon na rin naman iyong nakaratay. Alam din niyang noon pa nito gustong dumalaw pero siyempre ay hindi pupuwede.

Naligo na siya matapos magligpit, habang ang dalawang kababaihan ay nanonood ng TV sa sala.

“Halika, ineng, at nang ika’y

All rights reserved

masuklayan," ang lola niya. Iyon ang lambing nito sa kanya. Kapag ganoon, alam niyang ayaw nitong mag-isa sa silid. Bata pa siya ay ganoon na ito. Noong una, hindi niya alam kung bakit hanggang sa paglipas ng panahon, unti-unti niya na ring naunawaan. Nalulungkot ito kung minsan, lalo na mula nang pumanaw ang kanyang ama. Pumuwesto siya ng upo sa malinis na sahig. Nagsimula na ang lola niyang hagurin ng suklay ang kanyang buhok.

Tinapos nila ang isang programa sa TV. Mayamaya ay nagpaalam na ang nanay niyang matutulog. Tuyo na rin ang buhok niya at alam niyang makintab na makintab. Makapal iyon at

alon-alon, walang sawa ang lola niyang suklayan noon pa man. Namana daw niya ang buhok ng tatay niya, kulay-kastanyas. At kahit madalas ireklamo ng lola niyang nangingitim na siya, ang totoo, kahit anong paaraw niya ay bumabalik at bumabalik din naman sa dati ang kulay ng balat niya. Isa pa, bihira siyang mag-bike kapag tirik ang araw. Ang init kaya.

"Hala, matulog ka na rin," anang lola niya.

"Sa kuwarto mo na lang ako matutulog, `La."

Tumango ito. At tulad noong bata pa siya ay magkatabi silang natulog ng matanda. Ang pamilyar nitong amoy na

All rights reserved

banayad na sampaguita ay nakasanayan na niya, humahalo na ngayon sa amoy-menthol nitong pangmasahe sa kalamnang madalas lamigin.

Nang siguro akala nito'y tulog na siya, narinig niya ang pag-iyak nito. Nag-alala siya rito pero hindi pala kailangan dahil nakatulog din ito kaagad. May humaplos na habag sa puso niya at galit para kay Doña Dominica. Oo, wala nga sigurong karapatan ang lola niyang makiamot ng oras sa ama ng anak nito, pero hanggang sa huling hantungan, kahit na wala naman nang relasyon ang dalawa, hindi ba maaaring lumapit ang lola niya?

All rights reserved

Kusang pumatak ang luha niya para sa matanda, naalala ang sinabi nito kanina na ganoon daw sila kung magmahal—hanggang sa huli, hanggang sa dulo ng walang hanggan. Sana ay hindi. Wala siyang balak ilaan ang puso sa isang tao lang kung hindi naman masasabing kanya ang puso niyon. Kung ganoon din naman pala, hindi na bale.

All rights reserved

# CHAPTER 2

Madaming gawain sa farm. Tatlong ektarya ang lupaing nirerentahan ni Ka Berting kay Ka Pablo. Ganitong panahon, mas madaming manggagawa ang kailangan. Puro gulay na ngayon ang itatanim at makakarating ang kanilang mga produkto hanggang Maynila.

Bata pa lang si Lita ay sanay na siya sa gawaing farm. Lumaki siya sa bukid, sa

taniman. Alam niya ang lahat ng gawain. Gayunman, hindi na siya inilagay sa bukid. Mas kailangan siya sa opisina. Ilan din silang kababaihan doon, kabilang na ang best friend niyang si Mely. Kaklase niya ito noong high school pero hindi na nakapagpatuloy ng kolehiyo. Wala na rin daw itong balak na mag-aral pa at maghahanap na lang daw ng mayamang asawa. Na para bang may makakasalamuha silang mayaman doon, eh, mga magsasaka ring isang kahig-isang tuka ang kanilang nakikita.

"Akala ko e-extra ang kuya mo?" baling niya mayamaya kay Mely nang maisara ang logbook ng attendance.

Pumuwesto na siya sa likod ng isa sa dalawang computers na gamit ng admin. Ang admin team ay binubuo ng tatlong kababaihan. Ang sales sa kabilang opisina ay binubuo naman ng apat. Hindi eksaktong pormal ang operasyon pero parang doon na rin patungo, lalo na at kukunin na rin daw ni Ka Berting ang bibitiwang dalawang ektarya ni Konsehal Fidel.

"Paanong makakapasok ngayon, eh, lasing kagabi," ismid nito. "Hayaan mo na `yon. Kailangan nating makakuha ng tao. Magagalit si Ka Berting."

Dahil magsisimula na ang pagtatanim sa susunod na linggo, hapit sila sa paghahanap ng mga tauhang may

All rights reserved

alam. Ang problema lang talaga, nababawasan na ang mga magsasaka. Siguro dahil sadyang maliit ang kita. Nauna si Mely sa kanya doon at ang sabi nito, madami daw sa mga dating manggagawa ay lumuwas na o nag-abroad, o naghanap ng ibang trabaho sa pabrika. Seasonal nga kasi ang trabaho at hindi masasabing stable.

"Sinabi ko na kay Ka Teroy na magpapunta dito ng gustong magtrabaho," sagot niya habang pinapatas ang mga ie-encode na resibo sa spreadsheet. Ang tinukoy niya ay ang konsehal ng bayan na madaming kakilala at madalas sa barangay. "Nag-text sa akin `yong anak. Mamaya daw

may mga darating."

"Sana matino, hindi tulad no'ng nakaraan. Ikaw na'ng mag-interview, ha?"

"Naku, ikaw na," agad niyang tanggi. Sila kasi ang nasisisi ni Ka Berting kapag palpak ang nakuhang tauhan. Pero paano naman nila makikilatis agad ang mga iyon base lang sa biodata? Noong nakaraan, ang mga nakuha ni Mely ay mga bano. Hindi marunong sa gawaing bukid kaya imbes na nakatulong, ang mga ito pa ang kailangang turuan. Meron din itong nakuhang namitik ng laman ng kamalig, katwiran ay inakala daw nitong junk ang mga kurdon at bakal

doon kaya pinakilo sa junk shop. Tuloy, si Mely ang nasermunan ni Ka Berting. Mabait naman ang matanda, pero kapag nagalit ay nagtataas ng tinig.

"Naku, ikaw na please!" Parang na-stress agad ang kaibigan niya. "Utang-na-loob, Lita, hindi ako marunong kumilatis ng mga ganyan. Kapag pumalpak, sermon na naman ako. Bingo na nga ako no'ng isang linggo nang hindi magpakita si Kuya. Sira-ulong `yon."

Napatango na lang siya. Magaling sanang laborer ang kapatid nito dahil madaming alam. Ang problema, may bisyong inom at tong-its kaya nakokompromiso ang trabaho kung

minsan.

Naging abala na sila sa trabaho. Nakakapagod din dahil iilan lang sila sa opisina sa dami ng gawain. At nang humapon ay inasikaso niya ang vale ng ilang tauhan. Si Mely na ang nagpapirma sa mga iyon habang iniisa-isa niya ang biodata ng mga aplikanteng naghihintay sa labas.

Sa experience siya nakatingin. Sa sampung aplikante, lima agad ang sa tingin niya ay tagilid dahil ang trabaho noon ay hindi sa bukid. Lima lang ang napili niyang interview-hin. Lumabas na siya at binasa ang limang pangalan.

"`Yong hindi po natawag, pasensiya na. `Yong mga natawag, pasok po,"

All rights reserved

aniyang bahagya lang sinulyapan ang mga aplikante.

Masusi na niyang in-interview ang lima at sa huli ay apat lang ang kinuha at pinagsisimula kinabukasan din para malaman agad kung uubra ba sa gawaing bukid.

Tinapos na rin niya ang gawain at mayamaya ay isinukbit na ang bag pahalang sa katawan.

"Mely, mauna na `ko," paalam niya sa kaibigan na may gawain pa. Lumabas na siya.

"Miss."

Napatingin siya sa lalaking tumayo mula sa mahabang bangko sa labas ng opisina. Ang una niyang napansin ay

ang tangkad nito; baka umaabot ng anim na talampakan. Suot nito ay kamisetang kulay puti at pantalong maong na kupas. Ang suot nito sa paa ay lumang rubber shoes. May dala itong brown envelope na nakapasok sa isang plastic envelope.

“Nagpasa ako ng biodata,” paliwanag nito.

Hindi niya ito maalala. “Kanina?” aniyang hindi maalis ang pagkakatitig sa guwapo nitong mukha.

Halusinasyon lang ba niya o talagang ganoon ito kagandang lalaki? Malinis ang tabas ng buhok nito pero may bakas ng buhok sa mukha dahil balbon. Kita iyon sa mga braso nito. Matangos ang

All rights reserved

ilong ng lalaki, mayroong natural na lalim ang mga pisngi kaya lalong kapansin-pansin ang hugis ng panga nitong parang sa isang modelo.

Tumango ito, saka inilabas mula sa brown envelope ang isa pang biodata. Inabot niya iyon. *Manuel dela Cruz*. May application nga ito kanina, isa sa hindi niya tinanggap. Hindi niya ito nakilala dahil malayo ang hitsura nito sa picture sa biodata. Parang hindi ito. Siguro sa kanto-kantong computer shop lang nagpakuha sa webcam.

"Puwede bang malaman kung bakit hindi ako natanggap?" tanong nito.

"Ah," sambit niyang napatango. "Galing ka kasing pabrika. `Tapos bago

All rights reserved

`yon, diser ka kaya hindi kita kinuha. Pangmagsasaka ang trabaho dito. Pasensiya na." Isinauli niya rito ang biodata at humakbang na patungo sa kinaroroonan ng kanyang bisikleta.

"Pero baka puwede mo akong subukan? Madami akong alam gawin. Naging all-around din ako. Ang tagal kong naghintay, miss, sana binigyan mo ako ng pagkakataong masabi kung ano ang kaya kong gawin."

Natigilan siya, hindi nagustuhan ang sinasabi nito dahil parang lumalabas na hindi tama ang pasya niya. Pero sinubukan na lang niya itong unawain. Siguro ay talagang malaki ang pangangailangan. Kita naman sa luma

All rights reserved

nitong damit. Magkatulad sila, hirap sa buhay. Ang kaso, hindi naman nadadaan sa pakiusap ang pagbubukid.

"Mahirap kumuha ng walang alam sa bukid. Pasensiya na," aniyang naglakad na ulit. Kahit guwapo ang aplikante, hindi niya isusugal ang galit ni Ka Berting. Baka nga lalo pa siyang mapahamak dahil mukhang sutil itong aplikante. Baka ito iyong tipong bagong salta pa lang, gusto nang baguhin ang patakaran. Madaming mga dayo mula ibang lugar na ganoon at suwerte nang magtagal ng isang anihan. Matikas lang sa salita, wala sa gawa.

Sumunod ito sa kanya. "May alam ako sa pagbubukid, miss."

“Nagpabrika at diser ka,” giit niyang nairita na pero nagpatuloy sa paglalakad.

“Factory worker, promodiser, driver, karpintero, hardinero.”

“Dayo ka rin, eh. `Yang adres mo—Kristine Apartments—upahan `yan ng mga dayo, `di ba? Kadalasang mga contractual sa AIP,” pinal niyang sabi, ang tinukoy ay ang Agro-Industrial Park sa bayan, isang malaking hub ng iba’t ibang food processing plants.

“Wala akong nakikitang masama do’n, miss,” katwiran nito.

Hinarap niyang muli ang lalaking makulit at hindi pa man ay nangangatwiran na, nakataas ang isang

All rights reserved

kilay. “Saan kita hahanapin kung may gawin ka? Saan kita puwedeng habulin kung magnakaw ka? Hmm?”

Mukhang nabigla ang lalaki sa pagkadirekta niya pero nagsasabi lang siya ng totoo. Ilang ulit nang mayroong dayong pagnanakaw lang ang ginawa. Karamihan sa mga iyon, tulad nitong si Manuel na napunta lang sa Sierra del Sol dahil sa AIP at iba pang maaaring pasukan sa kanila. At kapag natapos na ang kontrata, nag-a-apply ng ibang trabaho pero dahil walang ugat sa Sierra siguro kaya madali nang gumawa ng kalokohan.

Madaming mga gamit sa bukid ang puwedeng nakawin. Minsan nga, pati

mga ani pinipitik. Kapag taga-Sierra, at least kilala nila at madali nang mapa-barangay. Pero kung dayo? Mahirap.

"Ganito pala ang hiring dito sa inyo—matapobre na, pagbibintangan ka pa," sabi nitong walang gatol.

Nabigla siya sa talas ng dila nito. "Mayabang ka, ah?" aniya nang makabawi.

"Ikaw ang mayabang. Aplikante ako, inakusahan mo agad na gagawa ng masama. Ikaw ba ang pinagkakatiwalaan ng may-ari na kumuha ng tauhan? Hindi na nakakapagtakang wala kang makuha. Ang sabi ni Ka Teroy, kailangang-kailangan daw ng manggagagawa dito.

All rights reserved

Eh, kaya. Wala sigurong tumagal dahil sa `yo."

Halos mapanganga siya sa kagaspangan ng lalaki.

"Salamat na lang," anitong ibinalik ang biodata sa envelope, saka naglakad palayo.

"Sira-ulo," pahabol na sambit niyang narinig pala nito.

Nilingon siya ng lalaki, may tila nanunuyang ekspresyon sa mukha, saka nagpatuloy na sa paglayo.

Malalaki ang hakbang niyang nagtungo sa bisikleta, saka sumakay doon, parang umuusok ang ulo sa inis. Sino ba ang mayabang na iyon? Normal bang kastiguhin pa ang hiring officer

All rights reserved

kung hindi ito nakapasa? Siguro nga ay naging istrikta siya sa pagtanggap ng manggagawa pero dahil lang sa siya ang mapuputukan kung hindi.

Nag-bike na siya paalis, huli na para maisip na pareho din sila ng dadaanan ng lalaki kaya nakita niya itong naglalakad palabas ng farm. Napatingin ito sa kanya at masama ang tinging ipinukol niya rito. Nang makalagpas sa lalaki ay nilingon niya ito para tingnan ulit nang masama kaya hindi niya nakita ang malaking bato sa daan, dahilan para mawalan siya ng balanse at bumagsak sa lupa.

Napaungol siya sa sakit ng binting sumalo sa bigat niya. Tumastas din sa

All rights reserved

pantalon niya at tumagos sa kanyang balat ang hiwa ng kadena ng bisikleta.

Sa puntong iyon ay nakalapit na sa kanya ang lalaki. Agad nitong inalis ang bisikleta sa pagkakadagan sa kanya, saka siya itinayo. Napakandirit siya, saka kumapit sa balikat nito.

"Ayos ka lang?" tanong nito.

Tumango siya, agad lumayo rito. Masakit pa rin ang binti niya pero kaya naman niyang magpatuloy. Kailangan lang niyang ikabit ulit ang kadena ng lumang bisikletang isang kutsaritang grasa na lang ang hindi pumipirma, magreretiro na.

Hindi na pala niya kailangang ayusin dahil ang lalaki ang nagbalik ng

kadena, pinaikot ang pedal gamit ang kamay para kumagat iyon, saka hinawakan patayo ang bike para sa kanya.

"S-Salamat," aniyang sumakay na, tiniis ang sakit. "Pero hindi ka pa rin tanggap."

Kung bakit kailangan pa niyang idagdag iyon, hindi niya alam.

Lumikha lang ng "tsss" na tunog ang lalaki, kasabay ng isang iling na parang hindi makapaniwala-nadidismaya. Napahiya naman siya pero nasabi na niya. Nagmamadali na siyang umalis, tiniis ang lahat ng sakit, at tiningnan na lang ang lalaki mula sa side mirror. Nakatingin lang ito sa kanya, pero hindi

na malinaw sa kanyang paningin kung ano ang reaksiyon.

Nakonsiyensiya naman siya sa nagawa, naisip na siguro dapat binigyan niya ng pagkakataon ang lalaki. Pero tapos na ang hiring at hindi na niya ito tinanggap. Asar ito sa kanya. Bahala na ito sa buhay nito. Bukas-makalawa, malilimutan na rin siguro niya ang pagkakonsensiya.

All rights reserved

# CHAPTER 3

Sa tatlong ama ng Sierra del Sol, si Ka Pablo daw ang pinakamabait. Ito rin ang hindi malaki ang angkan. Ang sabi ng mga tao, may lahing matatandang dalaga at binata ang pamilya nito. Pero tatlo ang anak ni Ka Pablo—dalawa doon ay matandang dalaga, iisa ang may asawa—ang tanging anak na lalaki. Iisa rin lang ang anak niyon kaya nag-iisa

ang tagapagmana ni Ka Pablo sa ikatlong henerasyon, ang apong si Pablito.

At ang lalaki ang puntirya ng madaming kababaihan.

Kabilang na si Lita.

Aba, walang masamang mangarap!

Guwapo si Pablito, makisig ang katawan, at mataba ang bulsa. Siyempre, lihim lang ang pangangarap niya rito dahil baka sabihin pa ni Mely na kinokompitensiya niya ito kahit alam niya namang noon pa may gusto ang kaibigan niya sa heredero ng mga Alvarez.

“Bakit kasi dito tayo pumuwesto?” bulong-angal ni Mely habang nasa loob

All rights reserved

sila ng simbahan. Nasa unahan si Pablito, kasabay nilang nagsimba sa araw ng Linggong iyon. Siya na ang nagsabi sa kaibigan na sa likod na lang sila pumuwesto para mabilis makalabas mamaya. Ang totoo, gusto naman sana talaga niyang buntutan si Pablito dahil bihira itong umuwi sa Sierra del Sol mula nang mag-aral sa Maynila at mamasukan sa negosyo ng pamilya doon, pero namataan niya sa unahan ang Pamilya Romero, si Doña Dominica at ang mga anak niyon. Noon pa, kabilin-bilinan na ng lola niya na huwag lalapit sa mga ito, kung maaari ay huwag nang magpakita. Hindi naman sa takot sila, pero para na lang

All rights reserved

siguro sa katahimikan ng lahat ay maigi nang umiwas sila. O siguro, ayaw na lang ng lola niyang galitin ang dragon dahil baka sila bugahan ng apoy.

"Dito na lang tayo," bulong niya sa kaibigan.

"Pero do'n sana sa tabi ni Pablito, may space pa, o." Inginuso nito iyon. "Para kapag nag-'peace be with you' na, mapansin naman ako."

"Dito mo pa talaga balak maglandi," muling bulong niya. Wala namang masyadong tao sa likuran. Unang simba at maaga pa. Maluwag pa ang space.

"Halika na!" anitong hinigit siya pero binawi niya ang braso.

"Hindi puwede."

All rights reserved

"Bakit? `Wag ka nang uminarte. Alam kong type mo rin si Pablito."

Pinandilatan niya ang kaibigang biglang humagikgik, saka itinaas ang hintuturo sa kanyang ilong. "Baka humaba `yan o makidlatan ka, sige ka."

Umismid siya, nag-iinit ang mukha. "Ikaw na lang."

"Bakit ba kasi...?" himutok nitong tumingin sa unahan at siguro ay napansin na rin ang mga kaanak niya roon kaya biglang napatango. "Ah, okay. Sige. Pero puwede bang lumapit ako, please? Pagkakataon ko na `to. Babalikan na lang kita dito mamaya, pagkatapos ng misa."

"O, sige, sige, ikaw na'ng bahala,"

All rights reserved

pagtataboy niya rito.

Masigla na ngang nagtungo sa unahan si Mely, habang siya ay panay ang buntong-hininga. Sayang. Kung sana malayo-layo ang napuwestuhan ni Pablito sa mga kaanak niya. Pero nakasanayan na rin talaga niyang sa likuran pumuwesto, mabilis makakalabas at makakaiwas. Naiinis na rin nga siya kung minsan kapag naiisip niya na hanggang simbahan, sila pa rin ang umiiwas, pero tradisyon na nila kung tutuusin.

Unti-unti nang nagsidatingan ang mga magsisimba. Tahimik lang siya sa puwesto. Nang tumingin siya kay Mely ay nakita niyang itinaas nito ang phone,

All rights reserved

ibig sabihin ay tingnan niya ang phone niya. Muntikan nang tumirik ang kanyang mga mata pero inilabas nga ang phone at tiningnan ang pinadala nitong picture ni Pablito na pasimple nitong kinunan. Talagang tinabihan ng babae ang crush nila.

*Ambango-bango niya, litaaaaa!* mensahe ni Mely.

Napatawa siya, saka nag-reply: *Inggit much. Iamoy mo na lang ako.*

Nagpalitan sila ng message na magkaibigan hanggang sa mapuno na rin ang simbahan at magsimula na ang misa. Ngiting-ngiti pa rin siya nang mapansin ang mabangong amoy ng katabi. Amoy-presko at malinis,

banayad na amoy-lalaki. Lumingon siya at nasorpresa nang makita si Manuel.

Hindi niya maaaring malimutan ang pangalan ng lalaking atribido.

Bigla siyang napaurong patungo sa dulo ng upuan. Tumingin ito sa kanya, kumunot ang noo. Muntikan na siyang mapasinghap. Ang guwapo-guwapo nito. Alam ba nito iyon? Bakit parang hindi?

Nanatili itong nakakunot ang noo, tila nagtatanong kung bakit siya nakatingin dito, kaya bigla siyang napatingin sa unahan. Nilingon siya ni Mely, nanlaki ang mga mata, at mayamaya ay biglang nag-vibrate ang phone niya. Binasa niya ang message ng

All rights reserved

babae: *Sino yang katabi mong hunk*?

*Diyos ko, Mely*, sa loob-loob niya, saka agad ibinulsa ang phone. Gusto sana niyang lumipat ng upuan, kung hindi lang niya naiisip na baka maisip ni Manuel na natakot siya rito o na-intimidate.

Muli siyang napatingin sa lalaki, na tila naramdaman nito kaya napatingin sa kanya. Muli siyang umurong. Sukat itinaas nito ang braso, lalo na siyang napaurong, pero inayos lang nito ang manggas, biglang kumurba ang isang ngisi sa mga labi. Nang-iinis ito. Bigla niya itong pinagtaasan ng kilay at muling umurong.

“Kumuha ka ng monobloc do’n, o.”

All rights reserved

Itinuro nito ang upuan ng sakristan sa unahan, saka itinuro ang dulo ng mahabang upuan. "Ilagay mo diyan. Baka nga naman madikitan kita, galisin ka pa."

Masamang tingin ang ipinukol niya rito. Dapat ay umalis na siya roon pero para kasing mananalo ito kapag iyon ang ginawa niya kaya nanatili siya sa kinauupuan, bagaman inilagay sa pagitan nila ang bag niya.

"O, baka mamaya may laman `yang mamahalin, biglang mawala. Baka manakaw ko. Ilayo mo `yan sa akin. Dayo ako. Saan mo ako hahabulin kung magnakaw ako?" pang-iinis nito.

"Atribido," bulong niyang bigla ay

All rights reserved

gigil na gigil.

Hindi na ito umimik, bagaman nanatili ang ngiting tagumpay sa mga labi. Tuloy, halos buong misa siyang balisa. Nag-Lord's Prayer na at nag-Sign of Peace, na ibig sabihin ay dapat niyang sabihin sa lalaki ang "peace be with you." Pero siyempre, iniwasan niya ito. Sa likod na upuan siya unang tumingin, saka sa unahan. Kung bakit sa gilid ng kanyang mga mata ay nakikita niyang naghihintay ang lalaki na tumingin siya rito.

Hindi siya nakatiis, nilingon niya ito.

Ngiting tagumpay na naman ang luku-luko.

"Peace be with you," sambit nito.

Sasambitin na rin sana niya iyon dito, kung hindi lang nito idinugtong, “Mukhang kailangan mo.”

Tumambay sa lalamunan niya ang mga salita. Impaktong lalaki. Nagkakasala tuloy siya sa gitna ng misa. At nang pilahan na para sa komunyon ay pinauna siya ng lalaki. Hindi sana niya papatulan ang anyaya nitong mauna siya pero may mga naghihintay umandar ang pila. Sa likod niya ito pumuwesto.

Nang malapit na sila ay pabulong itong nagsalita. “Dalawang ostia dapat kapag mapangmata sa kapwa dahil mas malaki ang kasalanan.”

*Lord, talagang sinusubok ako ng*

All rights reserved

*kampon ng lagim*, sa isip-isip niyang itinaas ang mga kamay para kunin ang ostia at isubo sa sarili. Tahimik na lang siyang bumalik sa puwesto. Tiniis na lang niya ang lahat hanggang matapos ang misa at agad nang sinenyasan si Mely na sa labas na lang sila magkita.

Sa gilid ng pintuan ng simbahan siya lumabas. Naghintay lang siya sa kaibigan na agad dumating.

"Sino `yong katabi mo? Grabe, ang guwapo!" kinikilig na sabi nito.

"Akala ko ba si Pablito ang crush mo?" aniyang hinigit na ito patungo sa Ka Ising's Food Haus. Iyon na ang nakasanayan nilang magkaibigan tuwing magsisimba, ang mag-almusal

All rights reserved

sa Ka Ising's pagkatapos.

"Ikaw din naman. Eh, hindi ko pa naman boyfriend si Pablito kaya puwede akong mapogian sa iba."

Natawa na lang siya sa pagkaambisyosa ng kaibigan. Hindi na niya binanggit dito na dating aplikante si Manuel. Ni hindi niya sinabi na alam niya ang pangalan ng lalaki. Bakit pa?

Pila na sa Ka Ising's nang makarating sila roon. Silog, short order, at lugaw ang specialty ng Ka Ising's. Mayroong pa-L na counter. Napapatungan iyon ng mga paninda at may butas kung saan naroon ang mga malaking kaldero ng sabaw, lugaw, at kanin. May mga upuan sa unahan at gilid ng counter. Mayroon

ding mga mesa sa tagiliran ng kainan.

Matapos umorder ng tapsilog at pancit na balot ay pumuwesto na sila sa isang mesa. Nagyayaya si Mely sa SM sa kabilang bayan pero madami siyang labada.

Dumating na rin agad ang kanilang pagkain. Sumusubo na siya ng tapsilog nang biglang tapikin ni Mely ang braso niya, saka ngumuso sa unahan. Paglingon niya ay eksakto ring napatingin sa kanya si Manuel. Ngumisi ito, sumaludo na parang nang-iinis.

“Madame,” sambit nito sa kanya, saka hinarap ang tindera ng Ka Ising’s na kinausap na ito.

Napairap siya, sabay tingin sa

All rights reserved

pinggan. Nakakainis ang lalaking iyon! Patuya naman ang pagma-“madame” sa kanya, siyempre. Parang lumalabas na paepek siyang boss-boss kahit hindi naman.

“Sino ba talaga `yan?” giit ni Mely.

“Hay nako, buwisit `yan sa buhay ko. Aplikante `yan sa bukid, hindi ko tinanggap. Naasar sa akin kaya ganyan. Mayabang `yan,” sabi na niya.

“Mukha namang friendly,” komento ni Mely.

“Tumigil ka, Mely. Hindi porke may hitsura, okay na sa `yo. Mayabang `yan, saka inaano-ano ako.”

“Anong inaano-ano?” Napalabi ito, sabay basag ng pula ng itlog para ihalo

sa sinangag. "Guwapo talaga, o. Macho. Uhm, yummy."

Kung sa ordinaryong pagkakataon siguro ay natawa na siya sa kapilyahan ng kaibigan pero naiinis talaga siya kay Manuel. Hindi niya ito nakikita dahil nakatalikod siya sa mesa, habang si Mely naman ang nakaharap sa unahan.

"Ipakita mo sa akin ang biodata, ha?" hirit ng babae mayamaya.

Pinandilatan niya ito.

"Sungit," ismid ng babae. "Maiba ako. Sa birthday mo punta tayo do'n sa Eclipse, ha?"

"Ang tagal-tagal pa ng birthday ko." Natawa siya. Mahigit anim na buwan pa bago siya mag-twenty-one.

All rights reserved

"Kaya nga, paghandaan mo na."

"Tumigil ka nga." Muli niya itong pinandilatan. Ang tinutukoy nito ay isang bar. Depende sa araw kung ano ang ganap. May comedy night, kung saan may mga komedyante na iniimbitahan; may banda; dance night, at iba pa. "Nakita ko sa Facebook ang menu doon. May entrance, `tapos isang isandaan ang isang soft drink. Ang sisig, tatlong daan. Ano ka, mayaman?"

"Bakit, ilang Coke ba ang lalaklakin mo? Corny mo talaga. Saka hati tayo sa sisig. Tig-one-fifty. Masama pa ba `yon?"

"May entrance pa."

"Dalawang daan lang naman kapag

All rights reserved

comedy night. Kapag disco, wala namang bayad."

"Eh, kung disco, di mapapapagod tayo, iinom tayo nang iinom. Wala naman yatang libreng tubig do'n, naka-mineral ka dapat. Ang mineral, eh, sitenta."

"Hindi naman siguro tayo makakaubos ng tig-isang libo do'n. Hindi naman ako magpapalibre sa `yo. KKB tayo. Gusto ko lang makapunta. Mag-iisang taon nang bukas `yon, hindi pa tayo nakakasilip man lang. Dumadayo daw do'n ang mga foreigner sa Puerto Cielo."

"Hindi ka mauubusan ng foreigner dito sa atin."

Sa kahabaan ng Baybayin, isang

All rights reserved

distrito ng bayan na may bahaging puro beach, ay meron din namang mga foreigner. Pero hindi tulad ng sa iba ay maykaya ang mga dayo sa Baybayin dahil gustong panatilihin ng mayor nila ang magandang imahen ng Sierra del Sol, lalo na at madami ring pag-aaring resort ang mga Gallego, Romero, at Alvarez, mga deluxe, habang ang iba ay esklusibo. Wala roong red light district, walang mga beach party o kahit na anong maiingay na inuman kundi mga mamahaling kainan o bar. Iyon lang Eclipse, pero wala iyon sa tabig-dagat.

“Hmp. Ang tatanda naman ng mga foreigner dito sa atin.”

Natawa siya sa reklamo ng babae.

All rights reserved

Siyanga naman. Doon kasi sa Puerto Cielo, na madami ding resorts, puro backpackers ang mga foreigner dahil mura ang mga resort.

"Wala namang datung ang mga foreigner sa Puerto," komento niya.

"May chance ka namang magka-green card."

"Kung balak kang dalhin do'n. Paano kung buntisin ka lang?"

"Alam mo, napaka-nega mo talaga. Basta, mag-ipon ka. Kahit one kyaw lang. Sa birthday mo, o kahit ordinaryong araw lang, mag-e-Eclipse tayo. Diyos ko naman, Lita, dapat nag-e-enjoy tayo sa buhay natin. Mga dalaga tayo! Kung makaarte tayo, para tayong

All rights reserved

mga pamilyado na."

Natawa na naman siya. "Oo na, sige na."

"Yehey!" Tuwang-tuwa ito hanggang sa matapos silang kumain. Sa counter nagbabayad at doon nakapuwesto si Manuel. Pero hindi niya ito pinapansin. Mukhang wala na rin naman itong balak na magkaroon ng interaksiyon sa kanya. Tahimik lang itong kumakain.

Naitanong niya sa sarili kung tagasaan kaya ito. Ang naaalala niya mula sa biodata ng lalaki ay naging factory worker ito sa AIP at nag-diser ito sa isang grocery sa Maynila. Ang adres nito ay sa Kristine Apartments kaya dayo ito. Isa pa, kilala niya halos lahat

All rights reserved

ng taga-Sierra. Kahit iyong mga taga-Ilaya, kung hindi man niya alam ang pangalan, namumukhaan niya rin.

“Wala pa po ba `yong pancit?” tanong tuloy niya sa tindera.

“Ay, nalimutan, miss. Mga five minutes lang. Upo muna kayo,” anito, nakangiti.

“O, upo daw tayo,” si Mely, hinila siya para mapatabi kay Manuel, saka ito tumabi sa kanya at siniksik siya dahil may pupuwesto sa tabi nito. Napaisod tuloy siyang maigi sa lalaki. Nakatalikod siya sa counter, habang ang lalaki naman ay nakaupo paharap dahil kumakain ito ng tapsilog.

Inirapan niya ang kaibigan pero

hindi nito nakita dahil nakatingin ito kay Manuel. Parang baliw.

"Hi, kuya," sabi ng babae.

Tumingin dito si Manuel, blangko ang ekspresyon sa mukha, parang hindi pa sigurado kung ito nga ang kinakausap ni Mely. Paano nga, wala namang dahilan para abalahin ito pero para sa talandi, meron. Hindi kontento kay Pablito ang luka-luka, nakatabi na nga kanina.

"Tagasaan ka, kuya?" patuloy ni Mely.

"Sa Masantol Dos," simpleng tugon nito, bigla ay tila nag-iba ang persona at hindi na iyong mapang-inis kanina sa simbahan; bagkus ay parang naging

All rights reserved

tahimik. Hindi tahimik na parang mahiyain kundi tila ayaw mag-entertain ng mga tanong. Friendly naman si Mely, pero minsan nga ay nakakailang dahil may dating na tsismosa.

"Sa'n sa Masantol Dos?" patuloy ni Mely, hindi makahalata kaya pinisil niya nang mariin ang braso nito. "Aray, ano ba, Lita?" angal agad nitong binawi ang braso at mabilis na kinaskas.

"`Wag ka nang maano diyan," bulong niya.

"Parang timang naman `to. Ang sakit, ah," patuloy ni Mely, masama ang tingin sa kanya. "Para nagtatanong lang, masama ba? OA ka diyan."

Napatingin siya sa lalaki nang mahina itong tumawa, nakatingin sa kinakain pero hindi maikukubling natawa sa sinabi ni Mely.

“May nakakatawa?” kastigo niya sa lalaki.

Tumingin ito sa kanya. Ewan kung bakit pumitik ang puso niya.

“Ang guwapo!” sabi ni Mely habang hinihigit ang braso niya na para bang hindi katabi lang nila ang lalaki.

“Mely, ano ba?” may diin ang tinig na sabi niya, hinigit ang braso mula sa kaibigan na daig pa ang natimang. Hayun lang ang lalaki sa kanilang tabi, bakit kung umakto ay parang hindi sila niyon naririnig?! Itinuro niya ang lalaki

gamit ang hinlalaki sa nakakuyom na kamao, sabay tirik ng mga mata. “Ito, guwapo? Talaga lang, ah?”

“OA ka,” ulit ni Mely, saka bumaling kay Manuel. “Hi, kuya.”

Kulang na lang ay lumubog sa kinauupuan si Lita. Kung puwede lang ay tatayo na siya pero lalo na siyang nasiksik ni Mely na ngayon ay halos nakadagan na ang kalahating katawan sa kandungan niya, ang mga braso ay nasa hita niya para magpaka-friendly kay Manuel. Ginawa pa siyang mesa ng talandi!

“Ano’ng name mo, kuya?” ngiting-ngiting tanong ni Mely.

“Manuel,” simpleng tugon ng lalaki,

tumingin sa kaibigan niya.

"Ang guwapo mo. Dayo ka?"

Mukhang nailang nang bahagya si Manuel, parang hindi sanay na mapuri. Bahagya itong tumango.

"Taga-saan ka?"

"Laoag."

"Ano'ng ginagawa mo dito sa Sierra del Sol?"

"May opening noong nakaraan sa AIP," tugon ng lalaki.

Hindi na bago sa kanila ang mga dayong manggagawa sa mga planta doon. Kung saan-saan galing ang mga iyon. Balitang maganda naman daw ang pasahod, pero hindi siya puwedeng mag-apply. Sa Pamilya Romero ang AIP.

Hindi niya alam kung ang buong industrial park ay pag-aari ng mga ito pero wala siyang balak mag-apply.

"Nag-apply ka raw sa bukid, sabi nito," patuloy ni Mely, bahagya lang siyang itinuro na para bang isa siyang bagay. "Pasensiya ka na. Ipinasa ko kasi sa kanya ang mga aplikante no'n. Sayang. Kung ako sana, sigurado ka na."

Mukhang nabuhay ang interes ng lalaki. "Puwede ba akong mag-apply sa `yo—"

"Naku, hindi," agap niya agad. "Kaya nga ako ang pinagpasahan nito kasi palaging palpak kumuha ng mga trabahador. Hindi ka pasado. Period."

Tumayo na siya at nagtungo sa

All rights reserved

kabilang side ni Mely nang ito na ang tumabi sa atribidong lalaki. Kung bakit kasi ang tagal ng pancit niya?

"Pasensiya ka na, ha?" ani Mely. "Ano kasi `yang kaibigan ko, corny."

Nagtimpi na lang siya kahit gustong mapikon dahil pinagkakatuwaan siya ng dalawa. Ilalaglag pala siya ng kaibigan basta guwapo ang kalaban.

"May girlfriend ka na?" patuloy ni Mely.

"Huy, Mely, tumahimik ka diyan," saway niya, hindi nakatiis sa kalandian ng kaibigan.

"Galit na galit na si Madame, Mely," tugon ni Manuel, nakatingin sa kanya, saka sinabi, "Wala akong girlfriend."

All rights reserved

"Ay, ang taray. May titig si kuya, ah."

Ang init-init na ng pisngi ni Lita sa puntong iyon. Salamat at iniabot na sa kanya ng tindera ang pancit sa plastic. Nagbayad na sila ni Mely.

"Apply ka, ha? Ako'ng bahala," pahabol nito kay Manuel.

"Isusumbong kita kay Ka Berting," aniya.

"Hmp, sungit! May regla ka, `teh?"

Napatingin siya kay Manuel dahil narinig niya ang pagtawa nito, katulad ng manong na katabi nito sa counter. Umirap siya sa lalaking nakatingin sa kanya, saka nagpatiuna sa paglalakad patungo sa pila ng tricycle.

"Hintayin mo nga ako," habol ni

Mely.

“Hindi mo ba nakita? Inaano ako no’n,” aniya.

“Eh, kasi ang sungit mo, kaya ka tuloy tinutukso. Nagbibiro lang `yong tao. Mukha namang mabait.”

“Ah, naku, basta. Hindi ko na `yon tinanggap kaya kapag tinanggap mo, maiinis ako sa `yo. Walang Eclipse!”

“Sige na nga. Sungit,” maktol ni Mely.

All rights reserved

# CHAPTER 4

Araw ng Biyernes. Mayroong feeding program ang barangay tuwing Sabado, kasama sa programa ng Department of Health. Nasa palengke si Lita para mamili. Rotation silang apat na grupo sa pagluluto. Once a month ay grupo niya ang assigned. May abot din naman si Kap kaya gusto rin niyang magluto.

Dapat naka-set up na sila alas-sais pa

All rights reserved

lang kaya kahit bukas pa iyon ay namimili na siya ngayon. Tapos na siya sa karne at isasabay na lang iyon sa delivery ng bigas at itlog sa barangay hall, dadaanan mamaya. Tumuloy na siya sa suki niya sa bigasan, si Mommy Joyce, asawa ni Ka Teroy.

Walang tao sa tindahan, na karaniwan namang nangyayari dahil may partisyon iyon. Sa likurang bahagi kung saan nakaimbak ang sako-sakong mga bigas, nandoon karaniwan ang mga tauhan na kung hindi nagre-repack ay natutulog.

Pumitas na siya ng plastic bag sa poste sa gitna ng malapad na tindahan. Gamit ang stainless na pangsandok ng

All rights reserved

bigas ay pinuno na niya iyon ng malagkit. Dalawang kilo. Para iyon next week, sa arroz caldo. Kailangan din niyang bumili ng bigas na ordinaryo, isang kaban.

"Mommy Joyce? Mommy Joyce?" tawag niya.

May narinig siyang pagbagsak ng sako marahil, saka sumilip mula sa likod ng partisyon ang isang pawisang guwapong mukhang hindi niya inaasahang makita sa palengke. Mukhang nasorpresa rin si Manuel na makita siya. Lumabas ito mula sa partisyon, nakasampay ang kamiseta sa balikat. May kuwintas itong silver, may pendant na krus.

“Good afternoon, madame,” nakangiti nitong bati, saka isinuot ang kamisetang puti. Pawis na pawis ito, basa ang buhok doon. Pero pucha, ang guwapo pa rin. Bahagya itong pumayat mula nang huli niyang makita. Kung doon nga ito sa tindahan ni Mommy Joyce nakapagtrabaho, malamang na pumayat kakabuhat sa mga sako ng bigas.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” tanong niya.

“Hindi ako natanggap sa bukid kaya dito napadpad. Dito ako pinapasok ni Ka Teroy.”

“Bakit mo ba kilala si Ka Teroy?”

“Bakit ngayon mo ako ini-interview?

All rights reserved

Tapos na ang pagkakataon mo, madame." Inabot nito ang isang bimpong nakasabit sa nakausling pako sa pader, saka ipinunas sa mukha at leeg.

Bakit hindi niya maalis ang mga mata rito?

"Ano'ng atin, madame?" tanong nito, nakangiti pa rin. Hindi niya alam kung nang-aasar o friendly. Malamang nang-aasar, "madame" daw siya, eh.

"Ito." Ipinatong niya sa bundok ng bigas ang plastic ng malagkit, sabay hindi nakatiis na sinabi, "Dapat palaging may tao dito. Baka manakawan."

"Sa Linggo pa ang sermon,

All rights reserved

madame." Hindi nawawala ang ngiti nito nang abutin ang plastic ng bigas at ipatong sa timbangan. "Dalawang kilo?"

"Malamang."

"Wala kang boyfriend, `no?" anito nang sumandok ng kaunting malagkit sa bundok niyon para idagdag sa plastic sa timbangan.

"`Kinalaman no'n? Wala kang paki," sambit niyang napapalabi.

Ibinaon nito ang pala ng bigas sa tumpok, saka binuhol ang plastic bag ng malagkit at ipinatong sa tapat niya.

"Kung may boyfriend ka, may magpapapasaya sa `yo at hindi ka magiging masungit. Kaso lang, wala

All rights reserved

kang makukuha. Alam mo kung bakit?"

Dikta ng isip niya na huwag na niyang itanong, na bigyang-diin ditong wala siyang pake. Pero gusto niyang marinig ang opinyon nito sa kanya. Pinagtaasan na lang niya ito ng kilay sa gawing naghihintay sa kung ano ang sasabihin nito.

"Eh, `yong mga aplikante nga hindi mo binibigyan ng pagkakataon, manliligaw pa kaya? Isang kilatis mo lang, dispatsa agad. Tsk, tsk, tsk, mapanghusga ka. Masama `yan."

"Bitter ka pa rin na hindi kita tinanggap?" angil niyang inilabas na ang listahan ng bibilhin. Kung hindi lang malaki ang natitipid nila sa

All rights reserved

tindahan ni Mommy Joyce, malamang na lumipat na siya sa iba.

"Medyo," pag-amin naman nito, pero mukhang wala naman nang bahid ng pait. Nakangiti pa rin ito. "Ano pa'ng ibang bibilhin mo, madame?"

Naiirita siya sa kaka-madame nito kaya umismid siya, saka binasa ang nasa listahan.

"Lahat ito wholesale ang presyo. May usapan kami ni Mommy Joyce. Para ito sa barangay. Bigas, isang kaban; toyo, isang galon; suka, isang galon; pamintang buo at durog, tig-isang banig. Samahan mo na rin ng dahong laurel, isang banig din. Itlog, isang dosenang tray. Pakikuwenta mo na.

Ihahatid na lang `yan mamaya sa barangay."

Naglista ang lalaki. Inaabangan niyang may malimutan ito pero nang iabot sa kanya ang listahan ay kompleto ang lahat ng sinabi niya. Matalas ang memorya nito. Sabagay, ilang items lang naman at halos lahat pa ay pansahog sa adobo. Hindi rin nakaligtas sa kanya ang maganda nitong sulat-kamay. Malinis, limbag, pantay-pantay, parang sa arkitekto. Hindi na rin nito kailangan ng calculator para kuwentahin lahat ng pinamili niya. Sinabi nito ang halagang babayaran niya.

Inabutan niya ito ng pera. Sinuklian

siya ito.

“Sumabay ka na sa akin,” sabi ng lalaki.

“Saan?”

“Ako ang magde-deliver. Binilin sa `kin ni Ate Joyce itong order mo.”

“Sinong tatao dito sa puwesto?”

“Boss Cocoy,” tawag nito sa likod.

“Sige na. Ako na bahala dito. Mukhang mainit ang ulo ni Lita,” sabi ng isang tinig.

Biglang nag-init ang kanyang mukha. “Cocoy, loko ka diyan!” bigla niyang bulalas. Dahil suki siya sa tindahan ay kilala na niya ang mga tauhan doon, kabilang na ang pamangkin ni Mommy Joyce, ang

All rights reserved

nagsalita.

Sumilip ito, saka lumapit. "`Init ng ulo mo, ah? Galit ka sa pogi? Sino mas pogi sa `min nitong si parekoy?" Tinabihan nito si Manuel.

Ang init-init ng kanyang mukha, lalo na at biglang humalakhak si Cocoy. Malaking lalaki ito, maitim, butas-butas ang mukhang malapad, malaki ang tiyan dahil manginginom. Mabait naman pero hindi ito pogi.

"Ikaw, ah?" anito sa kanya. "Alam ko na sikreto mo ngayon, Lita."

"Ano na naman?" Napairap tuloy siya.

"Nagsusungit ka na ngayon, ah? Porke may guwapo kami ngayon dito.

All rights reserved

Dumadami nga ang mga chicks na nababaliw sa akin ngayon, eh. Tulad niyang si Carmen. `Di ba, Carms? Ano'ng atin?" anitong nakatingin sa bandang likuran niya.

Napaisod tuloy siya. Nasa bandang likuran nga niya ang isang babaeng pulang-pula ang lipstick at halatang suki ng papaya soap. Mukha ring bagong paligo ito, basa pa ang buhok. Amoy na amoy ang pabango nitong mukhang binabad sa katawan. Hapit ang cotton blouse nito sa skinny jeans na hapit na hapit din kaya kita ang malalaki nitong dibdib at maumbok na puwit.

"Merienda muna kayo, `Coy,

All rights reserved

Manuel," anang babae, ngiting-ngiti.

Siniko ni Cocoy si Manuel, dahilan para abutin ng lalaki ang maliit na bilaong dala ni Carmen. Gusto nang tumirik ng mga mata ni Lita.

"Mukhang masarap `yan, Carms, ah?" ani Cocoy.

"Siyempre, para kay Manuel masarap lahat. Pati na `yong mismong nagluto at nag-deliver," walang kahihiyang sabi ng babae.

"Mukhang masarap naman, `di ba, parekoy?" ani Cocoy kay Manuel.

"Oo nga. Salamat, Carmen," tugon ni Manuel, nakangiti sa babae. Ngiting parang walang malisya, ngiting gentleman.

All rights reserved

Nakakabuwisit!

So kay Carmen, gentleman, pero sa kanya, arogante?

At ito namang pukengkay na Carmen na ito, humagikgik pang parang kilig na kilig, hindi na nahiya sa foundation na sa sobrang kapal ay may sarili nang katauhan. Ganito na ba talaga ang mga babae ngayon, pa-cute na nang hantaran?

OA *ka, Lita. Bigla kang naging dalagang Pilipina?* Noong *nakaraan, sa simbahan mo pa nga gustong magpa-cute kay Pablito, kung hindi lang nandoon si Doña Dominica.*

"Suklian mo na `ko," sabi niya nang makaalis na doon.

“Boss, ihahatid ko ang order ng barangay,” paalam ni Manuel kay Cocoy na tumango.

“Hindi ka titikim, `Nuel?” may kalandiang tanong ni Carmen, may malisya ang ngiti. “Sobrang sarap niyan. Kapag natikman mo, hahanap-hanapin mo na.”

Si Lita na ang nangilabot sa babae. Mabuti na lang at si Cocoy na ang nagsabi na kailangan daw talagang ihatid ang order ng barangay dahil bilin ng may-ari ng puwesto. Alam din ng lahat na nagpapalakas si Ka Teroy dahil tatakbong bise alkalde sa darating na eleksiyon. Sabagay ay “sure win” na nga naman at madaming kakilala at

All rights reserved

madaming natulungan, kabilang na itong si Manuel.

“May karne pa akong pinahanda do’n sa karnehan,” aniya.

Tumango si Manuel, halos pormal. Noon napansin ni Lita na nag-iibang anyo ito sa ibang tao, sa kanya lang inilalabas ang mga sungay. Mukhang shy type sa iba, eh. Mukha tuloy lalong pogi sa iba kasi may aura na parang misteryoso. Pero ang naturalesang sa kanya pinakita ay maangas at mayabang.

Nagpaalam na si Carmen. Naghintay si Lita habang hinahanda nina Manuel at Cocoy ang mga pinamili niya. Sa isang karton nakalagay ang mga

All rights reserved

panimpla, isinama na ang malagkit. Tinungan ni Cocoy si Manuel na magpatong ng isang kabang bigas sa balikat nito. Binitbit ng lalaki ang karton sa isang kamay kahit sinabi niyang siya na ang magbubuhat niyon.

"Kayang-kaya," sambit nito sa kanyang kumindat, saka nagpatiuna sa paglalakad.

"Ingatan mo `yang bata ko, Lita. Bawal pikutin `yan at madami pa kaming pancit na kakainin," biro ni Cocoy.

Tinirikan na lang niya ito ng mga mata. Lumakad na sila. Sa loob ng palengke sila dumaan.

"Saan ka bumiling karne?" tanong ni

All rights reserved

Manuel, lumingon sa kanya.

"Kay Aling Rona."

Tumango ito, mukhang alam na kung saan iyon. Doon nga ito nagtungo. Nakita naman sila agad ni Aling Rona at inutusan ang boy niyon na bitbitin ang ilang kilong manok hanggang sa tricycle ni Mommy Joyce.

Walang bubong ang tricycle, parang kargahan ng baboy. Maingat na ikinarga ni Manuel ang sako ng bigas doon, maging ang karton ng iba pa niyang pinamili, saka inilagay sa kabilang panig ang karne. Nagpasalamat ito sa boy ni Aling Rona, ganoon din ang kanyang ginawa, inabutan ng beinte ang lalaki.

All rights reserved

Sumakay na si Manuel sa tricycle.

"Pasensiya ka na, pawis na ako," anito nang makasakay.

Hindi siya umimik. Pinag-iisipan niya kung magba-backride ba o magta-tricycle na lang nang bukod. Pero hindi niya pera ang gagastusin niya kaya sa huli ay pumuwesto na lang siya sa likod ni Manuel. Pinaandar na nito ang tricycle.

In fairness, hindi ito amoy-pawis kahit pinagpawisan na. Malinis pa rin ang amoy ng kamiseta nito, siguro dahil hindi naman suot kaninang pawisan. Bakit ba niya ina-analyze ang amoy nito? Pero bakit din hindi ito amoy-pawis? May kaunting amoy ng sabon,

All rights reserved

iyon lang ang nalalanghap niya.

"Taga-barangay ka pala," anito nang huminto sila dahil sumikip nang bahagya ang trapiko sa intersection. Nakatingin ito sa kanya mula sa salamin.

Tumango siya. "Matagal ka na kina Mommy Joyce?"

"Dalawang buwan."

Ang dami niyang gustong itanong. May kaanak ba ito sa kanilang lugar? Naisipan ba nitong totohanin ang pag-a-apply ulit nang sabihin ni Mely? Siguro ay hindi dahil hindi naman ito bumalik sa bukid. Alam niya dahil inantabayanan niya rin. Hindi niya alam kung bakit. Parang nalimutan na

All rights reserved

rin naman ito agad ni Mely. Siya na lang yata ang nakaalala.

Aminado rin siyang minsan niyang hinanap sa Facebook ang lalaki. Lihim na binalikan niya ang biodata nito para malaman ang ibang detalye. Nang hindi ito lumabas sa search ay inisa-isa niya ang mga kaibigan ni Ka Teroy sa Facebook, pero wala rin ito doon. Konklusyon niya ay baka iba ang pangalang ginamit dahil may tao pa ba ngayon na walang Facebook?

Bakit kasi Manuel dela Cruz ang pangalan nito? Napakadaming lumalabas na may ganoong pangalan. Kung iisa-isahin niya, kahit iyong mga taga-Pilipinas lang, aabutin siya ng

siyam-siyam.

Pero ginawa niya.

Tatlong araw.

Siyempre, hindi naman tuluy-tuloy pero tatlong araw niyang ginawa. Hindi pa rin siya natapos pero napahiya na siya sa sarili at tinigilan na iyon. Hindi na rin naalis sa isip niya ang mga impormasyon tungkol dito. Ang provincial address na nilagay nito sa biodata ay sa Ilocos Norte. Ang city address nito ay iyon ngang sa Sierra del Sol. Ang mga magulang naman nito ay nakaadres din sa Ilocos Norte; ang occupation na nakasulat sa dalawa ay housewife at laborer. Sa Laoag ito nagtapos ng elementarya at high

school. Nagtapos din ito sa isang technical school sa Laoag, Electrical Installation and Maintenance. Kaya pala noon ay sinabi nitong electrician ito.

Ang huli nitong trabaho ay promodiser sa isang grocery sa Maynila kung saan ito tumagal ng tatlong kontrata, kulang-kulang dalawang taon. Mas matanda lang ito ng halos dalawang taon sa kanya. Magbe-beinte-uno siya, beinte-tres naman ito.

Lalo siyang na-curious sa lalaki. Kung pinasok nito ang trabaho sa palengke, bakit doon pa sa kanila? Malayo sila sa Laoag at mukhang tagaroon itong talaga. Siguro naman ay

may makikita rin itong trabaho doon. Bakit mas pinili nitong tumuloy sa isang lugar na malayo sa mga mahal nito sa buhay? O baka mayroon itong mga kamag-anak sa Sierra del Sol?

Bigla siyang nanghinayang na nalimutan na ito ni Mely. Dahil kung nanatili ang interes ng babae rito, malamang na sa puntong ito ay alam na niya ang lahat. Hindi nahihiyang magtanong ang kaibigan niya kapag interesado.

"Kamag-anak mo ba si Ka Teroy?" tanong niya tuloy kay Manuel.

Umiling ito. "Kasamahan ko lang sa AIP `yong pamangkin niya kaya nakilala ko."

All rights reserved

"So talagang wala kang kamag-anak dito o kakilala?"

Pinaandar na nitong muli ang tricycle. "Bakit bigla kang interesado sa `kin?" Sumulyap ito sa side mirror, pilyo ang mga mata. "May gusto ka sa `kin. Sinasabi ko na nga ba."

"`Kapal ng mukha mo," aniyang biglang nag-init ang mukha.

Tumawa ito. "Asus, sa tagal ko nang guwapo, kilatis ko na ang mga tulad mo. Magpasa ka muna ng biodata kung gusto mong mag-apply, Lita."

Napatingin siya sa side mirror. Alam nito ang pangalan niya. Sabagay, kanina pa nito narinig. Baka noong nakaraan pa, kay Mely, hindi niya maalala. Noon

lang nito binanggit, kahit pa sa dulo ng mapag-akusang deklarasayon. Inirapan niya ang lalaki. Ngiting-ngiti naman ito, hindi na nawala ang kapilyuhan sa mga mata.

Ang bilis ng tibok ng kanyang puso.

“Hindi ako tumatanggap ng girlfriend na galing sa pabrika o diser, ha?”

“Buwisit ka!” singhal niya. “Hindi na kita kakausapin! Nailang lang akong hindi magsalita, ganyan pa ang sasabihin mo. Feeling mo talaga guwapo ka?”

“Hindi ba?” hamon nito, nakatingin pa rin sa side mirror, pilyo pa rin ang kislap ng mga mata.

Matalim na sulyap ang itinugon niya, saka sinabi, “`Kapal ng mukha, grabe.”

All rights reserved

# CHAPTER 5

Nakapila si Lita sa covered court sa tabi ng munisipyo. Nasa bleacher siya, may hawak na numero. Kasama niya si Mely. Halos lahat yata ng mahihirap ay naroon ngayon. Nagpatawag ng pulong ang gobernador dahil gustong ipakilala ang isang Gallego na kasing-edad lang niya. Bulung-bulungang patatakbuhin na sa susunod na eleksiyon at siyang

All rights reserved

papalit sa mayor nila ngayon. Dynasty ang politiko sa kanilang lugar, hindi matitibag kailanman. Mula pa noong unang panahon, Gallego na ang nakaupo.

"Nagugutom na `ko," angal ni Mely.

Naglabas ng Sky Flakes si Lita mula sa bag at iniabot dito. "O. Sinabi ko na sa `yo kahapon na magdala ka ng baon. Alam mo namang kapag ganito, anong oras na natatapos."

Inabot nito ang biskwit at sinimulang kainin. "Guwapo rin `yong si Sir Gaspar, ano?" tukoy nito sa pamangkin ng nakaupong mayor, ang una sa ikatlong henerasyong Gallego na poposisyon sa politika. Ang iba kasi ay

All rights reserved

hindi pa aabot ang edad sa eleksiyon, mga bata pa.

“Wala na akong narinig sa `yo kundi guwapo,” komento niyang natatawa.

“Eh, paano, araw-araw na pangit ang kaharap ko. Paano mo ako masisisi?”

Bigla siyang natawa. Nalipat kasi ito sa sales, na katabi lang ng maliit na admin office. Walang aircon doon at ang kasama nito ay mga lalaking nagkakamada ng mga aning hindi dinala sa palengke o walang order. Madami ding umaangkat sa mismong farm at si Mely ang naka-assign doon.

“Makapangit ka naman diyan,” saway niya.

“Ang aasim pa,” lukot ang mukhang

All rights reserved

pagpapatuloy nito.

Natawa siya. "Eh, siyempre, maghapon ba namang nagkakamada at namimili ng mga gulay. Napakasosyal mo naman."

"Hmp. Kung bakit kasi inalis ako sa admin."

"Panandalian lang naman. Ibabalik ka rin pagkapanganak ni Ate Rosing."

Tumingin si Mely sa tarpaulin na malapit sa kanila, nakakabit sa pader ng court. May picture iyon ni Gaspar "Gazi" Gallego. Tama naman ang obserbasyon ni Mely, guwapo ang lalaki, pero hindi maikukubli ang kabataan. Parang hindi bagay maging politiko. Parang mas akmang maging

All rights reserved

hearththrob ng ABS-CBN.

"Ang guwapo. May dimples pa," ani Mely. "Sabagay, lahat naman ng mga Gallego guwapo at magaganda. Ikaw na palaging masagana sa pagkain, tingnan ko na lang. May pampa-derma, pang-gym. Kabog."

"Shhh!" saway niya sa kaibigang matabil.

"Totoo lang naman ang sinasabi ko. `Tapos dami pang pera. Tulad ngayon, magpapakilala lang, may abot pa. May pabigas din daw. Sana samahan ng MaLing o corned beef."

Sanay na sila sa mga politiko. Kaya sila naroon ay dahil sa libreng bigas at sa tatlong daan para lang sa pagdalo. Wala

naman silang gagawin kundi maghintay at mamaya ay makinig. Kadalasan pang may palaro o raffle din sa mga ganoong activity.

"Uy, sa birthday mo na, ha?" Biglang naalala ni Mely ang inuungot sa kanya. Talagang gusto nitong magtungo sa Eclipse. Noon pa siya nagdesisyon na pagbigyan ito. Nagtabi na siya ng dalawang libo para sa birthday niya. Para sa nanay at lola niya ay pancit at lechon manok. Ang matitira ay para ilibre si Mely sa Eclipse dahil ayaw siyang tantanan. "May usapan tayo. Baka nakakalimutan mo."

"Oo na." Natawa na siya rito. "Pa-Eclipse-Eclipse pa tayo, hiyang-hiya

All rights reserved

naman `yong tatlong kilong bigas at tatlong daang ipinipila natin dito."

Humalakhak ang babae. "Ganyan talaga ang mga social climber, panggap na hindi 4Ps."

Tawang-tawa siya sa ideya kahit pa nga hindi naman siya nakakakuha sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program dahil kulang siya sa requirements. Pero sa mga ganitong bigay ng munisipyo, talagang hindi siya pahuhuli. Alam niya ang lahat ng iyon bilang taga-barangay siya. Suwerte na rin siguro niya na kahit dynasty ang mga Gallego ay hindi naman corrupt. O kung corrupt man, hindi masyado. Maiiksi ang mga sungay.

All rights reserved

Sumaglit si Mely sa tindahan at nang magbalik ay mayroon nang ice tubig. Ibinigay nito ang isa sa kanya, saka muling naupo sa tabi niya.

“Sa tingin mo, mananalo si Congressman sa senado?” tanong nito habang sumisipsip sa plastic.

Kinagat na rin niya ang dulo ng bundat at nagtutubig sa lamig na plastic. “Malamang. Kilalang-kilala naman sila sa buong Pilipinas.”

“Grabe rin. Inari na lahat ng posisyon—mayor, vice mayor, congressman, governor, `tapos senador ulit. Sabagay, hindi naman sila corrupt na tulad no’ng mga iba.”

“`Wag ka ngang maingay diyan,”

All rights reserved

saway niya sa kaibigan dahil solid Gallego ang mga tao sa kanila. Sa totoo lang kasi ay talagang malalapitan naman ang mga iyon. Pero siyempre, dynasty ba naman.

Dumukot siya ng dalawa pang Sky Flakes at nagtig-isa sila.

"Ay, si Guwapo!" bulalas nito. "Manuel! Manuel!"

Bigla ang paggapang ng kung akong kilabot sa gulugod ni Lita, sabay tingin sa lalaking papalapit nga sa kanila, may tipid na ngiti sa mga labi, parang mahiyain. Iba talaga ito sa lahat, sa kanya lang walang kahihiyan!

"Magandang umaga, Mely," bati nito, saka tumingin sa kanya. "Lita."

"`Ginagawa mo dito?" tanong niya agad. "Para lang `to sa mga tagarito."

Siniko siya ni Mely. "Hoy, grabe ka talaga kay Manuel. Welcome ang lahat dito. Isa pa, ano bang malay mo kung sa eleksiyon dito na siya boboto. Sobra ka na, Lita." Bumaling si Mely sa lalaki, ngiting-ngiti. "Pasensiya ka dito, ah? Natitiyempuhan mo palaging may regla, eh."

"Mely!"

Tawa nang tawa ang babae, saka pinaupo si Manuel sa tabi niya sa kanan. Nasa kaliwa niya ang babae pero tumayo ito at pumuwesto sa kanan ni Manuel. Ngayon ay naiipit ang lalaki sa pagitan nila. Umisod siya pakaliwa.

All rights reserved

“Ang pogi mo talaga, Manuel.” Hindi pa rin tinutubuan ng hiya si Mely. “Ikaw lang mag-isa? Uy, balita ko syota mo si Carmen, ah?”

Napukaw ang kuryosidad niya kaya tinalasan niya ang tainga sa pakikinig.

“Sino namang nagsabi sa `yo? Hindi totoo `yon,” tanggi ng lalaki.

“Ows? Dinig ko, palagi raw kayong magkasama, eh. No’ng birthday nga raw ni Ka Teroy, kinantahan mo pa, eh.”

Nabibigla na siya sa kaibigan. Bakit ang dami nitong alam tungkol kay Manuel pero hindi sinasabi sa kanya?! Two weeks ago ang birthday ni Ka Teroy. Pupunta sana siya pero biglang sumama ang pakiramdam ng lola niya

All rights reserved

kaya pinagpaliban na lang niya. Hindi rin nakadalo si Mely, pero ang sabi nito ay dumalo raw ang kuya nito. Hindi na ito pinasama dahil puro lalaki raw ang nag-iinuman. Iyon lang ang sinabi nito, hindi kinuwento ang mga chismis!

"Konting kasiyahan lang. Sino'ng nagkuwento?"

"Si Kuya. Nando'n siya, eh. Boyet ang pangalan, matangkad na payat na maitim, halatang sunog-baga. Kuya ko `yon. Kung mahilig kang umatend ng mga inuman, palagi mong makikita `yon. Walang pinapalampas `yon!"

Tumawa lang si Manuel.

"Magaling ka daw maggitara, eh," patuloy ni Mely. Buti na lang talaga at

All rights reserved

kasama niya ito. Hindi niya kasi kayang magtanong. Noong nakaraang nagtanong siya, nabuska pa siya ni Manuel. Oo nga naman, patanong-tanong pa siya, eh, hindi ba at dapat hindi siya interesado dito?

"Marunong konti," simpleng tugon ng lalaki.

"Huuu, pa-humble ka naman. Marunong ding maggitara ang kuya ko kasi no'ng kabataan no'n, eh, nagbanda-banda rin. Magaling ka raw. Sa birthday ko, umatend ka, ha? `Tapos jamming tayo."

"Sige, bah. Basta kakanta si Lita."

"Naku, sobrang galing niyan umiwas sa tono. Dapat karaoke o gitara ang

All rights reserved

mag-a-adjust sa kanya."

Ewan kung bakit bigla siyang napikon sa kaibigan. Hindi naman siya natural na pikon pero nag-iibang anyo rin siya kapag nasa paligid si Manuel. Hindi na lang siya umimik kahit inirapan ang kaibigang dead-ma naman sa pagtataray niya. Sabagay, totoo ang sinabi nito. Mahilig siya sa music, pero walang hilig ang music sa kanya.

"Mainit na naman ang ulo ni Madame," komento ng lalaki.

Pinandilatan niya ito.

"Umaarte lang `yan," pagbabale-wala ni Lita. "Pagkatapos natin dito, dadaan kami sa pancitan. `Sama ka sa amin, Manuel. Mas maganda naman

kami kaysa kay Carmen—"

"Excuse me? Bakit ako nasama diyan?" singit ni Lita sa usapan.

"Sungit," kantiyaw ni Manuel sa kanya, hindi naman mukhang na-offend, bagkus ay nakangiti pa nga.

"Feeling mo pogi ka?" angil niya. Ewan kung bakit gigil na gigil siya rito.

"Tingnan mo'ng kaibigan mo, Mely, masyadong malupit sa akin. Wala naman akong ginagawa dito, pero galit na galit. Alam mo ang mga ganyang style? `Yan `yong may lihim na pagtingin."

"Ang kapal ng mukha mo!" irap niya.

Humalakhak si Mely. Nagkatunog din ang ngiti ni Manuel. Lalo itong

All rights reserved

gumuguwapo kapag tumawa. Gusto rin niya ang tunog ng tawa nito, buo at galing sa puso.

"Manuel!"

Sabay-sabay pa silang napalingon sa bagong dating. Nakisiksik sa mga tao si Carmen, may dalang dalawang numerong nakasulat sa karton. Ibinigay nito ang isa kay Manuel.

"Tara, doon tayo sa unahan. Nakapagpa-save na ako."

"Bakit nauna pa kayo?" hindi nakatiis na tanong niya. 158 at 159 ang numero nila ni Mely, pero ang kina Carmen ay 43 at 44 kahit kadarating lang ng dalawa.

"Kanina pa kami," katwiran ni

All rights reserved

Carmen, halatang nagsisinungaling, saka hinigit ang braso ni Manuel.

Tumango na lang ang lalaki sa kanila, saka sumama sa babaeng makapal ang foundation at parang pupunta sa bar ang damit na hapit at hindi pipila para sa libreng bigas at ilang daang piso.

"Two Ps," ismid ni Mely saka tinaas ang dalawang daliri at nagbilang ng Ps. "Pok, pok."

Pero hindi siya natawa dahil naiirita siya kay Manuel. "Alam mo, sinungaling `yong lalaking `yon. Sabi niya hindi sila ni Carmen, pero tingnan mo naman kung dikitan no'ng isa."

Hindi siya mahilig sa chismis pero

hindi niya maiwasang mapansin kung paanong halos maglambitin sa bisig ni Manuel si Carmen. Hindi niya kilala ang babae, siguro ay dayo rin, pero parang kilala ni Mely. Tsismosa kasi ang kaibigan niya.

"Pinapaypayan pa," nakalabing sambit ni Mely.

May abaniko nga si Carmen, panay ang paypay kay Manuel at sa sarili. Paano'y pipila sa court, hindi man lang nagtali ng buhok na halatang alaga sa rebond at tina. Tulad din noong nakaraan, napakakapal ng foundation sa mukha pero hindi nilagyan ang leeg.

"Yuck. Ganyan ba ang gusto niya? Sobra pang magpabango," komento ni

Mely.

Agree si Lita pero hindi na lang nagkomento, kahit pa hindi rin maiwasang sumulyap-sulyap sa dalawang nasa dulo halos ng bleachers.

“Ano daw `yang si Carmen, pamangkin ni Aling Cheska,” tukoy ni Mely sa manghuhula sa kanilang bayan. “Galing daw `yang Maynila, eh. May anak daw `yan, isa, pero nasa asawa. Taga-Zambales daw `yong asawa. Namamasukan `yan sa palengke, sa karinderya.”

Hindi na siya nagtaka kung bakit madaming alam si Mely dahil ganoon naman ito, puwedeng maging information center sa dami ng alam na

All rights reserved

chismis.

"Sa tingin mo, sila na ni Manuel?" patuloy ng babae, nanghahaba ang leeg sa pagtanaw sa dalawa dahil nagtayuan na ang mga tao. Nag-feedback na ang mikropono kaya malamang na magsisimula na ang ganap. Naiinip na ang mga tao kaya nagsitayuan na rin ang iba.

"Malamang," sagot niya.

"Hmp. Sabagay, kay Pablito na lang ako."

"Good morning, Sierra del Sol," anang tinig ng taga-munisipyo na pumailanlang sa speakers. "Alam kong naiinip na kayo pero humihiling kami ng kaunting oras. Espesyal ang araw na

All rights reserved

ito. Gusto naming ipakilala ang isang tubong-Sierra na gustong magsilbi sa ating bayan. Palakpakan po nating lahat, ang future mayor ng bayan—Gasper "Gazi" Gallego!"

Nagpalakpakan ang mga umatend. Narinig niya ang bulungan ng ibang naroon pero lumabas at pumasok na lang sa tainga niya dahil pasulyap-sulyap siya kina Manuel at Carmen. Siguro nga, may relasyon na ang dalawa. Bakit naman sasamahan ni Manuel ang babae doon kung wala? Mukha ring hindi ang tipo ni Carmen ang mamumuhunan ng pancit kung walang mapapala.

Nakakainis ang mga ito.

"Aray ko, Mely, ano ba," angal niya dahil kanina pa hinihigit ng babae ang braso niya.

"Ang guwapo ni Mayor!" anitong ikinaway ang kamay, saka sinabi, "Sure ka na sa akin, Mayor!"

Natawa ang ibang nakapaligid sa kanila. Napapailing na lang si Lita. Muli siyang napatingin kina Manuel at Carmen. Nakatingin sa kanya ang lalaki habang si Carmen naman ay nakatingin sa entablado.

Bahagyang tumango ang lalaki, hindi niya alam kung sa kanya ba. Nag-iwas na lang siya ng tingin.

Umandar ang mga minuto. Saglit lang namang nagsalita si Gazi, wala pa

All rights reserved

halos kalahating oras. Namigay din ng flyers ang mga tauhan nito. Nakalista doon ang mga nagawa ni Gazi sa buhay, na parang kay dami-dami kahit kaedad lang niya. Pagkatapos niyon ay pinapila na silang lahat para sa bigayan ng bigas at pasalamat na pera.

Dahil nagpakuha na ng numero kanina, naging mabilis na ang andar ng pila. Wala pang isang oras, nakuha na nila ni Mely ang kanilang bigas-sardinas-meat loaf-noodles package, kasama ang tatlong daang piso. Hindi na niya namataan si Manuel. Malamang na kanina pa iyon umalis, kasama si Carmen.

Imbes na sa Ka Ising's ay nagyaya si

All rights reserved

Mely sa Café Del Sol, para naman daw aircon dahil kanina pa sila nababad sa init. Pinagbigyan na lang niya ang kaibigan kahit natatawa dahil matapos nilang pumila ay gagastusin din agad ang nakuha. Pa-social climber na naman sila.

“O, alam ko na ang sasabihin mo, na mahal dito. Ang arte mo talaga. Nakakainis ka na,” angal nito kaya natawa tuloy siya. Tumingin ito sa cashier. “Isang café latte at isang slice ng chocolate cake. Ikaw, Lita?”

Sinabi niya ritong ganoon na rin ang sa kanya. Nagbayad sila nang bukod, saka pumuwesto sa isang mesa. Agad nagsalita ang babae pagkaupo nila.

All rights reserved

"Alam mo, Lita, wala ka namang anak. May trabaho naman ang nanay mo. Ang lola mo nga gumagawa pa rin ng itlog na pula. Bakit ba grabe ka kung makapag-ipon?"

"Dahil mahal ang tuition. Hindi naman umabot ang grades ko sa scholarship, `no."

"Eh, paano nagtatrabaho ka rin naman noong nag-aaral ka."

"Kahit na. Pero gano'n talaga. Makakatapos din ako. `Wag kang mag-alala, kapag nakatapos ako, ililibre kita kahit sa Marina pa," tukoy niya sa lokasyon ng pinakamahal na restaurants sa Sierra del Sol. Mga nakayate lang ang nakakakain doon at

All rights reserved

balitang sobrang mahal ng pagkain.

“Ambisyosa ka. Hindi naman tayo member do’n. Tama na sa akin sa Eclipse nang maka-disco naman. Nakikita ko sa post ng mga artista, nagpupunta sila sa mga disco. Hindi pa ako nakakarating. Ikaw ba?”

“Hindi pa rin. Pero puwede naman tayong sumayaw sa bahay, ah?”

“Sasayaw ka sa bahay, walang mga pitik-pitik na ilaw,” anitong nagmuwestra ng pagkislap ng ilaw, binuka-sara ang mga kamay sa ere, taas at baba.

“Tututukan kita ng flashlight, `tapos ipapatay-sindi ko.”

“Impakta ka.”

All rights reserved

Ang lakas ng halakhak niya. Ang sarap asarin ng social climber. Pero alam niya namang ganoon lang ito kung mangarap. Madami din itong gustong gawin na hindi nagawa at kung tutuusin, mas suwerte pa siya rito dahil wala siyang pinapaaral na mga kapatid at sinusustentuhang mga magulang. Si Mely kasi ang nagpapaaral sa tatlo nitong nakababatang kapatid, nagbibigay din sa nanay nitong mahilig sa tong-its.

"Kapag nakapag-asawa ako ng mayaman, Lita, kukunin kita," deklara nito. Ilang ulit na nitong nababanggit iyon sa kanya.

"Na ano?"

All rights reserved

"Na kasama. Bakit, kapag mayaman ako kakailanganin ko ng companion ba."

"Gagawin mo akong alalay?"

"Parang gano'n na nga pero malaki ang sahod."

Tawa siya nang tawa pero panay ang tango. Sana nga. "Paano kung ako ang unang yumaman?"

"Eh, di ako ang gawin mong alalay. Tinatanong pa ba `yon? `Yon ang pangarap ko, Lita, eh."

"Maging alalay ko?" pabirong sabi niya.

Inihatid na ang mga order nila. Agad tininidor ni Mely ang cake, saka siya itinuro gamit ang kubyertos.

All rights reserved

"Alam mo, Lita, hindi ako mahihiyang maging alalay ng mayaman. Nakita mo `yong assistant ni Kris Aquino na Darla?"

"Hindi naman niya yata assistant `yon."

"Ah, basta. Ang mga assistant ng mayayaman, nagiging mayaman din. Sawang-sawa na ako sa trabaho sa farm. Hindi ko nga alam kung paano mo kinakaya na bukod sa farm, meron ka pa sa barangay at sa Lakas-Saka."

"Extra lang naman ako sa mga `yon. Bookkeeping lang halos, `tapos sa barangay naman, konti rin lang ang ginagawa. Gusto ko pa ngang maghanap ng ibang sideline, eh."

Tumirik ang mga mata nito. Noon pa nito sinasabi sa kanya na sobrang sipag daw niya. Noon niya napansin na natigilan ito, saka pasimpleng inginuso ang cashier. Napalingon siya. Umoorder sina Carmen at Manuel.

"Mga *umiistarbaks* din kahit four Ps," komento ni Mely, saka pigil na humalakhak.

Siya naman ay biglang na-conscious. Nakatalikod siya sa lahat kaya si Mely ang nakakakita. Naamoy na lang niya ang presensiya ni Carmen. Hindi na niya malilimot ang tapang ng pabango nitong nanununtok. Kaunti na lang, malalasahan na niya. Sa likod niya pumuwesto ang mga ito.

Tahimik lang siya pero tinalasan ang tainga.

“Manuel, next Saturday, ha?” ani Carmen, kumakalansing pa ang mga burloloy.

“Sige, pero gusto raw ni Boss Cocoy na sumama, puwede ba?” tugon ng lalaki.

“Hindi ba puwedeng tayong dalawa na lang?” si Carmen.

“Papayagan daw niya ako kung kasama siya, eh. Alam mo naman `yon,” patuloy ni Manuel.

“Sige, ako’ng bahala. Kakausapin ko siya. Alam naman siguro niya na special `yong araw na `yon sa `kin, kaya gusto ko sana, special din ang bisita at nag-iisa

All rights reserved

lang. Mag-e-enjoy tayo do'n, promise. Wala ka nang ibang dadalhin, sarili mo lang, saka damit siyempre para sa swimming at overnight."

Sukat biglang nasamid si Lita sa sinisipsip na kape. Mabuti at hindi nagtungo sa kung saang tubo sa ilong niya.

"Aba'y *matindeh*," sambit ni Mely, tatawa-tawa.

Ewan kung narinig ni Carmen pero kung oo, dead-ma ito. Nagpatuloy ang babae.

"Birthday ko naman, `Nuel, wala namang masama kung matutupad ang wish ko, `di ba? Gusto lang naman kitang makasama sa beach. `Yon na

All rights reserved

lang ang regalo mo sa `kin."

Si Lita na ang nahiya sa pagkadirekta ni Carmen. Hinintay niya ang tugon ni Manuel, tutok na tutok sa pakikinig.

"Sige. Walang problema. Salamat na naisip mo ako sa birthday mo," ang tugon ng lalaki, simple, parang nahihiya pa nga ang tono. Parang walang malisya sa tinig nito pero hindi siya isinilang kahapon para hindi malaman na ang pagpayag nito sa overnight, kung saan ito lang at si Carmen ang nasa isang silid, ay sigurado nang may magaganap na kakaiba. Sa style ni Carmen, sure na.

Kung bakit gigil na gigil siyang bigla sa talandi at sa lalaking hindi man lang

All rights reserved

marunong tumanggi. Sabagay, bakit tatanggi kung gustong-gusto naman din? Kapal ng mukha.

Noon nag-ring ang phone ni Mely. Napaismid agad ito, saka sinagot iyon.

"O, Kuya, ano na naman? Wala nga akong pera. Tatlong daan lang ang nakuha ko, `tapos nandito kami sa Café Del Sol. Bakit, kasalanan ko ba kung hindi ka pumila? Hindi nga puwede `yong proxy, parang timang `to. Oo, merong bigas at delata. Oo na, oo na! `Eto na't paalis na." Tinapos na nito ang tawag, saka tumingin sa kanya. "Wala daw kaming uulamin at hawak ko ang hapunan. Tara na. Baka magutom ang mga sugarol. `Kakahiya naman."

Tumango na lang siya kahit gusto pang mag-stay para marinig ang usapan ng dalawang timang na hindi niya maiwasang tingnan nang paalis na sila ni Mely. Nakayuko si Carmen sa phone nito, halos hindi mapindot ang screen dahil sa haba ng pulang-pulang mga kuko, bawat daliri yata ay may singsing na ginto.

Bahagyang tumango sa kanya si Manuel. Hindi niya alam kung ano ang sinasabi ng ekspresyon nito.

Nang makalabas sila ay pumara agad ng tricycle si Mely. Sumakay na sila doon.

“Grabe si Carmen, `no?” sabi niya. Gusto niyang makuha ang opinyon ng

All rights reserved

kaibigan. “Sa tingin mo, saan sila pupunta at ano ang gagawin nila do’n?”

“Malamang sa Puerto Cielo kasi hindi naman puwede ang hindi member diyan sa Marina.” Tumingin ito sa kanya. “Alam mo na siguro kung ano’ng gagawin ng mga `yon. Sayang si Manuel. Feeling ko do’n kay Carmen, hanggang singit amoy-foundation.”

Bigla itong humalakhak. Siya ay tumawa kunwa, kahit pa nga inis na inis kay Manuel habang gigil na gigil sa babaeng malandi.

At ayaw niyang isipin kung bakit.

All rights reserved

# CHAPTER 6

Mula nang mailipat sa Bayang Bago ang munisipyo ay ginawa na lang barangay hall ang luma. Nakatirik iyon sa kapiranggot na lupang donated ng Villa Amalia sa bayan, nakahiwalay sa mismong villa.

Ang sabi, noong unang panahon daw ay gagawin sanang simbahan ng mga Pransiskanong pari ang istraktura pero

All rights reserved

masyado raw maliit kaya nagpatayo na lang ng mas malaking simbahan sa ibang lugar. Iyon ang dahilan kung bakit patusok ang bubong ng barangay hall at mayroong tore ng kampana sa isang panig. Mayroon ding silong ang istraktura, pinlanong gawing libingan ng mga pari at mayayaman noong araw, tulad ng ibang simbahang Katoliko. Pero dahil hindi nga natuloy gawing simbahan ang gusali kaya ginawa na lang dalawang magkatapat na selda ang crypt. Nakakatakot ang hitsura dahil parang may multo. Sinauna at malamig ang mga makakapal na adobeng pader. Siguro, noong panahon ng Kastila ay ilang Pilipino rin ang nakulong doon.

Ayon din sa ibang taga-barangay, noon daw panahon ng Martial Law ay ginamit iyong headquarters ng Philippine Constabulary. Napakadami raw noong ikinulong doon at pinarusahan, kaya siguro pinalagyan ng kanya-kanyang palikuran at lababo ang bawat selda.

Madilim doon, tanging tanglaw ay isang bombilya. May ilaw naman sa hagdan pero binubuksan lang kapag mayroong pababang tauhan. Mayroong wall clock sa pader, mukha ng politiko ang design sa gitna at ang siyang nag-iisang paalala ng modernong panahon sa silong na kapanahunan pa ni Rizal.

Ngayon, napupuno pa rin ang selda

All rights reserved

kapag nambabagansiya ang barangay base sa mga ordinansa. Kung minsan, nanggigigil lang si Kap sa mga pasaway. Sa katunayan, ilang ulit nang nakulong doon ang kuya ni Mely. Mahilig nga kasing dumayo ng inom. Minsan, panandaliang holding cell din iyon ng mga lasing, nagkakasabunutang tsismosa, legal at "illegal" wife, at iba pang barangay level na kaganapan.

Ngayon, may lamang kabataan ang dalawang selda, mga nabagansiya ng nagdaang gabi, nahuling nag-inuman. Sa kasamaang-palad, kasali sa nahuli ang bunsong kapatid ni Mely na si Meynard.

"Ate, `yan lang ba ang pagkain?"

angal ng isang kabataan kay Lita, hindi pa man niya naaabutan ng sopas. “Hindi pa kami naghahapunan no’ng hulihin kami.”

“Walang pangkain pero merong pang-inom?” angil niya sa tropa ni Meynard.

Lumapit ang teenager sa rehas. Kamukhang-kamukha ito ni Mely kaya naawa din siya. Ito ang pinakamukhang bata sa grupo. Sa pagkakaalam niya, disiotso anyos na ito pero hindi pa tapos ng high school.

“Ate, a-alam na ba ng ate ko?” kabadong tanong nito.

“Natural!” sagot niya, sabay abot ng kamay nitong siniksikan ng mainit-init

All rights reserved

pang monay na may palamang Reno.

"Lagot ako do'n, `Te Lita."

"Aba'y siyempre. Bakit ka nakikipag-inom sa mga `yan?" angil niya sa bata. "Hirap na hirap ang ate mong pag-aralin kayo, `tapos mag-iinom ka lang?"

Pagkabigay ng pagkain sa mga kabataan ay tumaas na siyang muli. Tinapos na niya ang gawain sa barangay. Kaunti lang naman ang trabaho niya ngayon. Wala siyang takdang oras ng pasok pero karaniwang araw ng Linggo siya nagpupunta para walang istorbo dahil sarado ang opisina at ilang tanod lang ang bantay. Kapag naman Sabado ay karaniwang nasa

All rights reserved

opisina siya ng Lakas-Saka Cooperative, kahit pa inuuwi niya ang trabaho doon kadalasan para sa bahay gawin. May in-issue sa kanyang laptop para doon, pero luma na kaya gusto rin niyang makabili ng sarili.

Paalis na siya bandang alas-tres nang dumating si Mely at masama ang loob na nagbayad ng fine. Siya ang kumuha ng bayad nito.

"Hindi ba puwedeng pass na lang `yan at doblehin na lang ang oras ng pagwawalis ng tolongges kong kapatid?" tanong nito pero sa huli ay napilitan na ring magbayad. Sinundo ng isang tanod si Meynard sa ibaba. Pingot-pingot ito ni Mely hanggang

All rights reserved

isadlak sa tapat ng mesa niya para papirmahin sa mga dokumentong ipinaliwanag niya rito.

"Hayaan mo na, Mely," saway niya sa kaibigan nang dukdukan nito ang kapatid na parang papaiyak na rin sa takot at pagkapahiya.

"Sira-ulo, eh! Sinabihan nang may ordinansa! Buti `yan lang ang napala! Paano kung napagbintangan sa nakawan? Meron daw nawala sa farm ni Ka Este na makina."

Napatango na lang siya. Pagdating niya ay iyon ang paksa sa barangay.

Sumabay na siya sa magkapatid na umuwi. Dumaan muna siya sa bahay ng mga ito, saka niyaya ang kaibigan sa

bahay nila nang lumamig naman ang ulo. Walang tao sa kanila, hindi tulad sa bahay ng mga itong wala nang pagsiksikan ang mga tao.

Mukhang may samalas sila sa araw na iyon dahil tumirik ang jeep sa main road. Malapit na iyon sa barangay road kung saan naroon ang eskinita papasok sa kanilang bahay kaya naglakad na lang sila.

"Bad trip na talaga ako sa `min," reklamo ni Mely, lukot pa rin ang mukha. "Alam mo ba, ha? Sinundo ko kagabi si Melody sa bahay ng syota! Diyos ko, bakit ko pa siya pinapaaral kung lalandi siya nang gano'n kabata?!"

Napangiwi si Lita. "`Di ba kakakinse

All rights reserved

pa lang ni Melody—"

"Mismo, Lita! Mismo!" Nanlalaki ang mga mata ng babae. "Ang lecheng talanding `yon, kubang-kuba na ako sa kakatrabaho sa farm, sa kakaalok ng tocino, sa kakapa-ending, at lahat ng diskarteng kaya kong gawin `tapos ang impakta, nag-cutting para tumambay do'n sa boyfriend—" Natigil ang pagsasalita nito nang mapatingin sa nadaanan nilang bahay, sabay kaway. "Uy, Manuel!"

Bigla ang pagkalat ng kaba sa dibdib niya, saka napatingin din sa bahay. Nakangiti sa kanila ang lalaking hindi na nawala sa isip niya mula nang makilala niya. Nakasabit ang kamiseta

All rights reserved

nito sa balikat, kita ang tikas ng katawan nitong halatang sanay sa trabaho. Suot nito ang silver na kuwintas na may krus na pendant. Agad nitong isinuot ang kamiseta, saka kinuha ang bimpo mula sa bulsa sa likod ng pantalong maong kupas na kupas kaya halos puti na ang kulay.

"Saan kayo niyan?" nakangiti nitong tanong, saka bumaling sa kanya. "Good afternoon, madame."

Napairap tuloy siyang bigla. Si Mely naman ay parang biglang nag-evaporate ang init ng ulo nang makakita ng guwapo.

"Do'n kina Lita. Ikaw, ano'ng ginagawa mo diyan?" si Mely, lumapit

All rights reserved

sa ilalim ng puno sa unahan ng bahay ni Aling Ester, may-ari ng tindahan ng LPG sa highway.

“Nagpatawag si Aling Ester ng gagawa ng bubong. May tulo daw na hindi makita kung saan nanggagaling.”

“Ikaw lang mag-isa?” patuloy ni Mely.

Tumango ito. “Madali lang naman. Tapos ko na nga.”

“Ay, `sakto, tatambay kami do’n kina Lita. Halika, sumama ka sa amin.”

Gustong pandilatan ni Lita ang kaibigan dahil nahiya siyang bigla kay Manuel. Maliit lang ang bahay nila at hindi masasabing maganda. Malinis naman pero bakas na bakas ang

kahirapan. Bago ang bubong, oo, pero wala pa silang kisame. Ang sahig nila ay hindi naka-tiles. Ang mga gamit nila ay luma.

"Naku, pawis na pawis ako. Pauwi na nga ako para maligo," sabi ng lalaki.

"Do'n ka na maligo kina Lita!" presinta ni Mely.

"Naku, nakakahiya naman," tanggi ni Manuel.

Hindi niya maintindihan kung bakit kahit nahihiya siya sa bahay nila ay ayaw niya naman itong umuwi dahil baka magbago ang isip at hindi na tumuloy sa kanila. Siyempre, kapag umuwi ang lalaki ay baka maisip na magpahinga na lang. O mas malala

kung bigla itong yayain ni Carmen. Nasaan na nga ba ang babaeng iyon? Baka girlfriend na.

"Naku, `wag ka nang mahiya," giit ni Mely. "Saka wala namang tao kina Lita ngayon. Ano? Tara na. Bili tayong pancit canton, tinapay, saka Coke. Ayos na `yon. Ano? Game?"

"Ayos lang, Lita?" tanong sa kanya ni Manuel.

"O-Oo, sige," sabi niyang hindi makatanggi sa mga matang iyon.

"Sige. Susunod na lang ako. Saan ba? Magpapaalam pa ako kay Aling Ester. Ako na ang bibili ng merienda."

"Ay, ang sweet mo naman!" bulalas ni Mely, saka binigyan ng direksiyon ang

All rights reserved

lalaki. Madali namang sundin, bukod sa kilala siya sa lugar na iyon bilang taga-barangay.

Tumango si Manuel, ngumiti, saka bumaling sa kanya. “Susunod ako, Lita.”

Tumango na rin siya. Lumakad na silang muli ni Mely. Nang malayo-layo na sila ay bigla siya nitong kinurot sa tagiliran. Napaigtad tuloy siya.

“Mely, ano ba? Ang sakit!”

“Kerengkeng!” akusa nito, saka tumawa. “Hoy, kilala kita, babae. Alam ko ang mga pa-shy type mo. May crush ka do’n, `no?”

“Wala, ah!” agad niyang tanggi, dama ang pamumula ng mukha.

All rights reserved

"Hmp!" Umirap ito pero nakangiti. "May ibang tingin siya sa `yo."

Napalabi siya. "Parang sira `to."

"Totoo nga. Sa tingin mo sasama `yon kung ako lang? Sobrang mahiyain nga niyan. Noong nakaraan nakita ko rin doon sa may amin. Tumatanggap kasi `yan ng mga ganyang trabaho—"

"Hindi mo nabanggit."

"Kung sinabi mo noon pa na gusto mong banggitin ko lahat sa `yo—"

"Mely, naman," awat niya.

Humalakhak ito. "Bakit ka pulang-pula? Nahihiya ka? Ano'ng nakakahiya, eh, no'ng nakita nga ni Nanay `yan, sabi sobrang guwapo daw. Bakit daw hindi sumubok mag-artista."

All rights reserved

Lalo nang nag-init ang kanyang mukha. “Wala akong gusto do’n!”

“Echos mo.” Umirap ito. “So kung wala kang gusto, hindi mo na kailangang malaman ang lahat ng alam ko.”

Natigilan siya, hindi malaman ang isasagot. Hindi na nga umimik ang babae hanggang sa makaliko na sila sa eskinitang patungo sa excess lot.

“Sige na nga. Pero curious lang talaga ako,” aniya.

Muli itong humalakhak. “Sabi ko na nga ba! Anyway, naaalala mo noong last time na nakita natin sila, narinig natin si Carmen na niyayaya si Manuel sa resort? Chinismis sa akin ni Kuya na

All rights reserved

sinundo nga raw `yang si Manuel ni Enteng no'ng birthday ni 2Ps, siya ang nag-service. Alas-kuwatro daw ng hapon," tukoy nito sa tropa ng kapatid nitong tricycle driver. Sa tagal nilang magkaibigan, kilala na nila ang mga karakter sa buhay ng isa't isa. "`Tapos nakita raw ni Enteng si Manuel sa bayan, mga alas-siete daw. Hinala nila, nag-away sila ni 2Ps kasi bakit past four nakarating sa resort `tapos seven pa lang nasa bayan na si Manuel, `di ba? Siguro tinanggihan ni Manuel si 2Ps."

"Bakit naman ganyan ang conclusion mo?" tanong niya.

"Eh, `di ba nga ang plano nila overnight? Narinig natin `yon sa Café

del Sol. So bakit alas-siete nasa bayan na si Manuel?"

Dumaan sila sa sarisari store na malapit sa bahay para makabili siya ng kaunting maipapakain sa bisita. Madami siyang gustong usisain sa kaibigan pero parang hindi naman nito alam ang sagot, tulad ng kung paano nakasiguro sa tsismis, kung ano ang comment ni Manuel, kung mukhang malungkot ba noong nakita ni Enteng, at iba pa. Siguro hindi rin ito masyadong interesado sa chismis at tinanggap na lang kung ano ang narinig.

"Ang dami mo namang tanong. Pero ako'ng bahala. Ako'ng magtatanong

All rights reserved

kay Manuel mamaya."

"`Wag mo `kong idadamay, ha?"

"Oo, kunwari ako ang may crush." Humagikgik ito.

Napangiti na rin siya. Sa puntong iyon, parang nakakahiya nang itanggi niya na crush niya si Manuel.

Habang nasa komedor si Mely ay nagpunas siya at nagpalit ng damit. Naglagay din siya ng kaunting pulbos at manipis na manipis na lipstick. Para lang medyo mapula ang mga labi niya. Bakit ba? Wala naman sigurong masama.

Mayamaya ay tumahip ang dibdib niya nang marinig ang tinig ng lalaki.

"Tao po?"

All rights reserved

Agad siyang sumilip sa bintana, saka binuksan ang pinto. Bagong paligo si Manuel, basa pa ang buhok, may bitbit na dalawang plastic bags ng Seven-Eleven.

"Tuloy ka," nakangiting sabi niya.

Ngumiti ito, nanatiling nakatingin sa kanya. Tumahip ang kanyang dibdib.

"M-Manuel?" sambit niyang bahagyang nailang.

"Pasensiya," anitong biglang namula, saka naglakad patungo sa kanya. Nang nasa mismong tabi na niya ito ay napatingala siya rito. Matangkad itong lalaki, hanggang ilalim lang siya ng tainga nito. "Kumusta ka na, Lita?"

"A-Ayos lang. I-Ikaw?" tanong

All rights reserved

niyang kabadong-kabado. Amoy-bagong paligo ito, amoy-sabon. At nalulunod siya sa presensiya nito.

"Ayos din lang. Na-miss kita."

"H-Ha?"

"Na-miss kita," direktang sabi nito, nakatingin sa kanyang mga mata.

Hindi niya alam kung ano ang isasagot. Bakit parang na-trap sa lalamunan ang kanyang tinig? Bakit nalulula siya sa lalaking ito? Ano ang meron dito na wala sa iba at dito lang niya naramdaman ang ganoon?

Ngumiti ito. "Sorry kung nabigla ka. Nabigla rin ako. Hindi ko alam na na-miss pala kita." Saka nito tila naalala ang dala. "Ito, bumili ako ng konting

All rights reserved

merienda."

"S-Salamat. Halika, pasok. Saan ka galing niyan? Akala ko makikiligo ka dito?" aniya nang tumuloy na ito sa bahay, naghubad ng rubber shoes para magpalit ng pambahay na tsinelas. Ang linis ng mga kuko nito sa paa, agad niyang napansin.

"Naalala kong tagadiyan sa malapit `yong isang dating taga-factory. Nakiligo muna ako. Nakakahiya namang dito sa `yo makisuyo."

"Uy, ano `yan?" tanong ni Mely nang makarating sila sa komedor. Inabot nito ang plastic bag na dala ni Manuel. "Ang dami, ah. Paldo tayo, Manuel?"

"Hindi naman. Konti lang `yan."

All rights reserved

Inisa-isa ni Mely ang laman ng plastic. Dalawang litrong Coke, mamahaling cup noodles, iba't ibang tinapay, siopao, hot dog sandwich, sitsirya, at chocolates.

"Upo ka, Manuel," anyaya ni Mely, at pagkasayad na pagkasayad ng puwit ng lalaki sa upuan ay nagtanong ito. "So hindi mo ba syota si Carmen?"

# CHAPTER 7

Napatingin si Lita kay Manuel matapos ang walang-gatol na tanong ni Mely tungkol kay Carmen. Namumula pa rin ang mga pisngi ng lalaki nang tumugon.

"Hindi ko siya girlfriend."

"Sure ka? Kasi nando'n kami no'ng niyaya ka sa resort. `Tapos balita ko palagi ka pang dinadalaw do'n sa apartment. Madami akong kakilala

All rights reserved

do’n sa Kristine’s, baka akala mo. Saka maliit na bayan lang itong Sierra, magkakakilala halos lahat,” patuloy ni Mely.

“Noon nga nadadalas sa pagpunta sa akin. Pero kaibigan ko lang `yon. Nakilala ko sa palengke.”

Gentleman talaga ito, naisip ni Lita. Kung naiba-iba itong lalaki, maano bang sabihin na agad na si Carmen lang ang nagpupumilit at naghahabol. Iyon naman sa tingin niya ang nangyayari. Kung ito kasi ang nanunuyo kay Carmen, sana ito ang nagdadala sa babae ng pagkain, ang nagyayaya sa resort, ang dumadalaw sa bahay niyon.

“So may gusto ka ba dito sa kaibigan

All rights reserved

ko?"

"Mely!" gimbal na saway niya, biglang nanlaki ang mga mata.

Tumawa ito, ganoon din si Manuel. Gayonman, mukhang nahiyang muli ang lalaki. Mayroon talaga itong ganoong katangian, parang mahiyain.

"Kung ganoon nga, ayos lang ba?" Bumaling ito sa kanya. Siguro, ang mga matang iyon ang nagdudulot sa kanya ng kaba kadalasan. Misteryoso, parang mahirap makilala. Halos itim sa malayo pero lumilitaw ang pagkaginto kapag natatamaan ng liwanag. May tahimik na intensidad, tila laging naghahanap, laging nagtatanong, at gustong tumuklas.

All rights reserved

O baka nagiging poetic lang siya dahil may gusto siya rito.

"A-Anong ayos lang ba?" bigla niyang tugon, hindi makatingin dito. "Kumain na nga lang tayo."

"Naku, pasensiya ka na sa kaibigan ko, mahiyain `yan. Saka wala pang nagiging boyfriend kaya hindi marunong sa mga pumoporma."

"Ikaw na Mely ka, ha!" angil niyang hinagip ang tangkay ng takure.

Tumawa ang dalawa, pero nagtanong si Manuel. "Wala ka bang nagiging boyfriend? Ang tatanga naman ng mga taga-Sierra?"

Pagsulyap niya sa lalaki ay nakita niyang may kislap sa mga mata nito.

All rights reserved

Agad niyang binuksan ang gripo habang nakasahod ang takure.

“Meron akong naging boyfriend. Dalawa pa nga.”

Humalakhak si Mely. “Oo nga naman. `Yong isa no’ng high school—”

Tinakbo na niya ang kaibigan para takpan ang bibig nito. Tawa ito nang tawa habang lumalayo sa kanya at pilit inaalis ang kanyang basang palad sa bibig nito. Dahil nga basa, mabilis iyong dumudulas. Hanggang sa naipadyak na lang niya ang paa sa pagkainis, saka napangiti na rin nang maisip ang kanyang inasta.

Tawa nang tawa si Manuel. Buong-buo ang tunog ng halakhak nito,

All rights reserved

umaabot sa mga matang nagningning sa galak.

Nagpatuloy si Mely. "`Yong no'ng high school, one month lang sila dahil hindi maalam sa algebra. Na-TO siya. `Yong first boyfriend niya no'ng grade one pa at siya ang na-break dahil ayaw niyang magpasipsip sa straw ng palamig kasi kadiri daw `yong laway!"

Kung bakit hiyang-hiya siya sa sinabi ni Mely. Siguro dahil lumalabas na wala siyang experience sa pakikipagrelasyon sa edad niya, kahit kalahati yata ng ka-batch niya noong high school ay may mga asawa na. Hindi naman nakakahiya kung tutuusin, pero nagyabang siyang nakadalawa na siya,

na para bang meaningful ang mga "relasyon" niyang pambata.

"Mahusay ako sa algebra," sabi ni Manuel, ngiting-ngiti pa rin. "Pero minsan, nakikiinom ako. Mukhang tagilid din ako."

"Parang sira `to," aniyang bumalik na sa lababo, init na init ang mukha.

Biglang kinilig si Mely. "Ang cute n'yong dalawa, nakakainis!"

Napailing na lang siya, kahit aminadong kinilig sa sinabi ni Manuel. Isinalang na niya ang takure sa kalan. Nagpatuloy sa tanong si Mely.

"Bakit hindi ka na bumalik sa Laoag, Manuel?"

"Mahirap din kasing makakita ng

All rights reserved

trabaho do'n. May nakita din ako dito bago pa ako magdesisyon kaya hindi na ako umuwi. Ayoko kasing mabakante nang matagal."

"Pero may pamilya ka doon? Mga kapatid, gano'n?"

"Wala akong kapatid. Solong anak."

"Ang parents mo?"

"Wala na si Nanay nito lang din. Ilang buwan pa lang."

"Naku, condolence. Ang tatay mo?"

"Sa construction." Ito naman ang nagtanong tungkol sa kanila. Si Mely ang sumagot.

"Ako, madami akong kapatid. Kilala mo na siguro `yong kuya kong tambay sa lahat ng inuman sa bayan. Ito

All rights reserved

namang si Lita, heredera `yan ng mga Romero!”

Napailing na lang siya. Noon pa nangangarap ang kaibigan niya ng isang mala-telenobelang kuwento para sa kanya, na isang araw daw ay luluhod sa kanya ang mga Romero dahil siya ang inapi-api. Ang totoo ay hindi naman sila inapi ng mga iyon na tulad sa mga palabas. Nagkataon lang na kalabisang asahang tatanggapin siya sa pamilya na parang lehitimong apo. Hindi rin naman nagkulang ang lolo niya noong araw. Nagkataon lang na hindi naging mahusay ang ama niya sa pagma-manage ng perang bigay ng lolo niya. Milyones din naman ang halaga ng mga

All rights reserved

ari-arian—lupain, bahay, sasakyan. At lahat ng iyon ay siguradong alam ni Doña Dominica. Hindi na lang siguro tamang asahan pa itong bigyan ng pera ang lola niyang naging kabit ng mister nito.

Gayonman, may mga pagkakataon na naiisip niyang malupit din ito, tulad noong pumanaw ang lolo niya na hindi man lang nakalapit ang lola niya. Pero siyempre, gaya nga ng sinasabi ng lola niya, kailangan nilang lumugar.

Tumango lang si Manuel. Siguro ay alam na rin naman nito. Wala naman ni isang taga-Sierra ang hindi nakakaalam ng kuwentong iyon. At noong bata-bata siya ay para bang naging kahihiyan

All rights reserved

niya, lalo na at ilang ulit niyang narinig sa mga kaklase ang salitang “kabit” at “homewrecker.” Para bang kasalanan niya ang nangyari noong unang panahon. Pero ngayon, tanggap na niya na bahagi iyon ng buhay nila at wala siyang magagawa para baguhin pa. Isa pa, ang tagal na niyon. Nagkataon lang na sikat talaga ang Pamilya Romero pero sa pangkalahatan, hindi na iyon issue.

Kumain na sila ng noodles at siopao. Sa kakatanong ni Mely, madami din siyang nalaman tungkol kay Manuel. Na mahilig itong maggitara at marunong din palang mag-piano. Laking-simbahan daw ito. Lalo na siyang

All rights reserved

kinilig nang lihim sa lalaki. Lalo nang lumakas ang dating nito sa kanya.

Mayamaya ay nagpaalam na rin si Mely. Hinala niya ay gusto lang ng babaeng bigyan sila ng pagkakataon ni Manuel na magkasolo at na-appreciate niya iyon. Ewan, parang bigla siyang nasabik na makasama ang lalaki na silang dalawa lang. Komportable na siya rito at hindi nakakaramdam ni katiting na pangamba sakaling sila lang ang magkasama. Gentleman nga kasi.

“B-Bakit?” sambit niya nang sila na lang ang maiwan sa komedor, nailang sa pagkakatitig nito sa kanya.

“Pasensiya. Lita, mamasamain mo ba kung sasabihin kong wala pa akong

All rights reserved

nakikitang babaeng kasingganda mo?"

Parang biglang umakyat sa kanyang mukha ang lahat ng dugo sa kanyang katawan. "B-Bolero ka naman diyan!" ingos niyang napairap nang bahagya kahit nakangiti.

"Hindi, ah. Ikaw ang pinakamagandang babaeng nakilala ko."

Napatingin siya rito. Mayroong sinseridad sa mga mata ng lalaki. Parang gusto na niyang maniwala. Maganda naman daw nga siyang talaga, pero simple lang siya at malayo sa pagiging "pinakamagandang babae" na nakita ng kahit na sino.

"Bolero ka pero… salamat na rin."

All rights reserved

Nagkatunog ang ngiti nito. “Puwede ba akong dumalaw dito sa `yo? Gusto ko sanang manligaw.”

Agad siyang tumango. “S-Sige. Okay lang.”

“Salamat.” Ngumiti ito. Ngiting nagpakilig sa kanya hanggang sa magpaalam ang lalaki bago lumalim ang gabi. Gentleman talaga... O iyon lang ang gusto nitong ipakitang-tao dahil kinabukasan din, araw ng Linggo, nakita niya itong sakay ng tricycle, kasama si Carmen, at pumasok ang munting sasakyan sa loob ng Sierra del Paraiso Inn.

“`Kapal ng mukha!” bulong niyang parang nanginig ang buong kalamnan

All rights reserved

sa ngitngit.

“ALAM MO na ba ang chismis? Wala na raw si Manuel sa palengke, ah? Nagkaroon daw kasi ng opening kina Ka Pablo.”

“Wala akong pakialam sa taong `yon,” sabi ni Lita na hindi tiningnan ang kaibigan. Nanatili lang siyang nakatingin sa monitor ng computer.

“Baka naman nagkamali ka lang ng tingin,” anito. Nabanggit na niya rito na nakita niya si Manuel na kasama si Carmen sa motel kaya nabuwisit na siya rito. Hiniling niya rin kay Mely na huwag na huwag nang ikukuwento sa

All rights reserved

kanya ang lalaki. Lalong huwag na siyang tuksuhin pa at baka kumalat ang balita. Si Carmen pa naman ang tipong biglang nanunugod at nananabunot. Sa talas at haba ng mga kuko ng babaeng iyon, baka sa ospital pa siya dalhin.

"Tigilan mo `ko, Mely," sabi niya. Isang linggo na ang nakakaraan mula nang makita niya sina Carmen at Manuel. Nag-text sa kanya si Manuel, nagpapaalam kung puwede raw siyang dalawin. Binara na niya ito at sinabing wala siyang balak magpaligaw at nagkamali lang siya. Sa sobrang inis, ang sabi niya ay may iba siyang gusto kaya tigilan na siya nito.

Ni hindi na nag-reply ang lalaki.

All rights reserved

Ewan kung na-offend ito pero sana. Mas maigi. Ang kapal ng mukhang magpanggap na maginoo, na papanhik ng ligaw, nagbigay pa ng mga pagkain, nagsinungaling pa. Harap-harapan nitong sinabi na hindi nito girlfriend si Carmen na parang totoo iyon. Halatang sanay na sanay itong magsinungaling. Kung ganoon, ano kaya sa sinabi nito ang totoo? Malamang na wala. At siya naman ay kinilig-kilig pa!

"Ito naman," ani Mely pero hindi na nga nagkuwento. Noong isang araw ay sinabi niya ritong huwag nang makikialam ulit dahil ayaw na niya kay Manuel na sinungaling. Siguro naman ay naiintindihan na nito ngayon na

wala siyang balak makipaglokohan kay Manuel. Ano ang mapapala niya doon?

So wala na pala sa palengke ang lalaki, lumipat na sa farm ni Ka Pablo, at malamang na doon na ito makakahanap ng bagong bobolahin. Siguro sanay talaga ang lalaking mambola. Kunwari lang na mahiyain, pero ang totoo ay strategy nito. Baka madami na itong nakuhang babae dahil doon. Mas madaling magtiwala kung shy type ang isang lalaki, iyong parang maginoo. Siyempre, komportable agad ang babae kapag ganoon. At isa siya sa balak nitong bolahin. Ang kapal.

Umandar ang maghapon na tahimik lang siya. Ilang araw na siyang iritado,

mula pa noong makita niya ang tricycle na papasok sa Sierra del Paraiso. Sino ba naman ang matutuwa?

Alas-singko impunto, nag-shut down na siya ng computer at naghandang umuwi.

"Dadaan akong Sentro. Pinapabili ako ni Lola sa Mercury ng gamot," aniya.

"Mamaya pa ako. Mauna ka na. May pinapagawa pa sa akin."

Tumango na lang siya. Mayamaya ay naglalakad na siya palabas ng farm. Hindi niya dala ang bisikleta dahil kailangan nang palitan ang gulong, hindi pa niya napapaayos. Natigil sila sa paglalakad nang may humipil na mini

delivery truck sa tapat niya. Si Manuel ang nagmamaneho.

Napaismid agad siya.

"Magandang hapon, Lita. Saan ka papunta niyan?" tanong nitong may alanganing ngiti sa mga labi.

"Pake mo?" pagtataray agad niya.

Binale-wala nito ang tono niya. "Papunta akong Matagbak. Idadaan na kita sa inyo."

Tumigil siya sa paglalakad para harapin ang sira-ulo. "Mas gugustuhin ko pang maglakad hanggang Sentro kaysa sumabay sa `yo, utang-na-loob, Manuel. Tantanan mo na `ko."

Nagpatuloy na siyang maglakad. Wala siyang balak kausapin pa ang

All rights reserved

babaero, kahit pa nga bumilis ang tibok ng puso niya pagkakita rito. May epekto talaga itong kakaiba sa kanya pero normal lang siguro dahil guwapo talaga. Iyon nga ang dahilan kaya madami itong babae. Kailangan lang niyang tandaan na estilo lang nito ang pagkamahiyain at pagka-gentleman. Dapat ding hindi niya kalimutan na dinala nito si Carmen sa motel! Never niya itong papatulan!

“Ano ba’ng nangyari sa `yo? Bigla ka na lang nagalit sa `kin,” anito habang napakabagal ng patakbo para masabayan siya. “Wala ba `kong karapatang malaman kung ano’ng dahilan?”

"Wala!" singhal niya, at sa palagay niya, kahit gusto pa niyang sabihin ay mangingilabot na rin siya. Isipin pa lang niyang sasabihin niyang dahil nakita niya itong papasok sa motel kasama si Carmen at nagsinungaling ito sa kanya ay nanliliit na siya. Baka maisip pa nitong nagseselos siya. Bukod doon, para kasing nautakan siya nito—or muntikan na. Kinilig siya, nakita nito iyon, halos mabola na siya. Confirmation niyon kung sasabihin niya ang dahilan. Umaaray ang pride niya.

"Puwede ba `yon? Bigla na lang wala na?"

Tumigil siya sa paglalakad at muli

All rights reserved

itong hinarap. "Tigil-tigilan mo na `ko, Manuel, puwede? Ayoko sa `yo. `Kapal ng mukha mong pormahan ako."

Sukat doon ay tumaas ang sulok ng labi nito, halatang napikon. "Hindi ba ako bagay sa `yo, madame—"

"Talagang hindi!" agaw niya. Ano kaya ang iniisip nito, na ka-level niya si Carmen na kulang na lang ihain ang katawan dito? Actually, inihain na nga at ito namang lalaking ito, pinulutan sa pipitsuging motel! Siguro iniisip ni Manuel na madali din siya nitong madadala doon. Biruing nakita lang nila sa daan, niyaya na nila sa bahay at nang magpa-cute sa kanya, kinilig siya at pumayag pang panhikin ng ligaw.

All rights reserved

“Talaga? Bakit?”

“Dahil hindi kita kalebel!” taas-noong sabi niya. Mayabang na kung mayabang pero hindi siya makapapayag na same level sila ni Carmen. Judgmental na kung judgmental pero hinding-hindi siya papayag maging tipong naghahabol ng lalaki at ang panlaban ay sex! Never! At naisip ni Manuel na kaya siya nitong i-Carmen level.

Halatang hindi inasahan ng lalaki ang sinabi niya. Hindi nito nagawang kumibo. Parang gusto niyang mapahiya dahil ano siya, reyna? Pero sa huli ay sinalubong niya ang mga mata nito. Kahit ang hirap.

Noon siya may narinig na sasakyang paparating. Motorsiklo, malaki. Humimpil iyon sa likuran ng truck, saka tila hindi nakontento ang sakay at pinaandar sa gilid ng truck ang motor para makalapit sa kanya. Itinaas ng sakay ang visor ng helmet.

"Vito," sambit niya nang makilala ang sakay ng big bike, kaklase niya sa isang subject noon. Higit itong mas matanda sa kanya, mayaman, anak ng konsehal ng bayan.

"May problema ba, Lita? Sino'ng sakay nito?" Bahagya nitong itinango ang ulo sa truck, saka pinaandar ang motor palapit. Umatras siya para makapantay ng motor ang mini truck.

All rights reserved

"Boss, may problema ba dito?"

"Wala, boss," tugon ni Manuel. Wala ni kaunting indikasyong na-intimidate ito kay Vito. "Kinakausap ko lang si Lita. Baka gustong sumabay."

"Pasaan ka, Lita?" baling sa kanya ni Vito.

"Sa Sentro," tugon niya.

"Ihahatid na kita. Sakay na."

Sumulyap siya kay Manuel, saka sumakay sa likuran ni Vito. Tumingin ito kay Manuel.

"Paano, pare? Mauna na kami."

"Wala siyang helmet, pare," ani Manuel na ikinainis siya. Ano'ng pakialam nito?!

"Okay lang, Vito. Walang problema,

Manuel," baling niya sa lalaki, pinandilatan ito. Kapal ng mukha. Ano, sinisita sila nito? Anong karapatan nito?

Tinapik lang ni Vito ang pintuan ng truck, saka pinasibad ang motor. Nakakapit lang siya sa baywang ng lalaki. Tinanong nito kung saan siya ihahatid, sinabi niya namang sa Mercury. Ang hirap na hindi siya lumingon sa kanyang likuran pero pinilit niya. Bakit niya titingnan si Manuel? Hanggang sa makarating na sila sa botika. Inalalayan siya ni Vito na makababa.

"Salamat, Vito," aniyang napatingin sa truck na minamaneho ni Manuel.

All rights reserved

Sumunod ang lalaki hanggang sa Sentro kahit may mas maiksi at hindi traffic na daan papunta sa Matigbak.

Nagtama ang mga mata nila ni Manuel pero bumaling din ito sa daan at pinaandar na ang mini truck.

"Ingat," sabi ni Vito, nakangiti, saka pinasibad ang motorsiklo.

Imbes na ito ang ihatid ng tingin ay bumaling siya sa kabilang direksiyon, kung saan nagtungo si Manuel.

*Gaga ka talaga. Gusto mong madala sa Sierra del Paraiso? Guwapo lang `yan, pero aanhin mo ang guwapo kung sinungaling at lahat papatulan?*

Napabuntong-hininga na lang siya kahit masama ang loob.

# CHAPTER 8

"Birthday celebration ba `to o inuman dahil sa sama ng loob?"

Napatawa si Lita sa sinabi ni Mely. Sa wakas, sumapit na ang birthday niya kaya heto sila ngayon sa Eclipse. Kadarating pa lang nila pero naubos na niya agad ang isang bote ng beer at ngayon ay napangalahati na ang pangalawa. Susunduin naman sila ng

kuya nito kaya okay lang sa kanilang maglasing. Kinontrata na rin ni Mely si Enteng kaya malaya silang makakapag-good time kahit sila ay “4Ps.”

Tawang-tawa siya sa kaibigan dahil nga social climbers daw silang tunay. Feeling anak-mayaman daw silang dalawa kahit ang service ay tricycle. Pero tama rin naman si Mely na kailangan niyang mag-celebrate. Bakit ba siya ipon nang ipon na akala mo ay magugunaw na ang mundo kinabukasan? Si Carmen nga na may anak pa raw, inuuna ang kaligayahan, bakit siya ay hindi?

At ano kayang hangin ang pumasok sa isip niya na parang gusto pa niyang

All rights reserved

pamarisan si Carmen ngayon. Siguro gusto lang niya iyong bahala-na attitude nito dahil mukhang iyon ang naghahatid dito ng saya. Kahit naman si Mely, madalas sabihin sa kanya na kung siguro ay hindi siya magiging ganoon kaistrikta sa mga patakarang sinusunod niya sa buhay, baka maging mas masaya siya. Kahit nga ang kanyang lola at nanay, sinasabi rin na masyado raw siyang seryoso sa buhay para sa edad niya. Huwag daw siyang magmadali, wala naman daw contest sa mundo.

Pero ang totoo, gusto niyang mabigyan ng magandang buhay ang dalawa. Gusto niyang maranasang muli ng mga ito ang mabuhay nang

All rights reserved

maalwan. Oo nga at sa kanila ang excess lot at ang bahay na nakatirik doon pero tuwing ilang araw ang ulan, pinapasok ang kanilang bahay ng tubig mula sa pader. Maliit ang bahay, madalas pang napapasok ng ahas—lalo kapag tag-ulan, dahil tabing creek. Hindi ganoon ang buhay na gusto niya para sa dalawa at pakiramdam niya, siya ang pag-asa. Dahil siya ang may chance na makapag-aral.

Matanda na ang lola niya. Gusto niyang maranasan nito ang lahat ng iyon bago ito unahan ng panahon o ng sakit. At kahit alam niyang kung tutuusin ay siya rin ang nagbigay ng pressure sa sarili niya, iyon ding

All rights reserved

pressure na iyon ang nagtutulak sa kanya para magmadali. Gusto niyang kapag bumalik na siya sa eskuwela ay hindi na siya titigil. Gusto niya ring may emergency funds sila. Ang dami niyang gusto kaya siguro istrikta siya sa sarili. Pero aminado siyang naiinggit minsan sa mga taong tulad ni Carmen, na kayang magpakasaya sa kabila ng responsibilidad. Kung totoo ang balita rito, mas matindi ang responsibilidad nito sa buhay dahil sa anak pero inuuna ang love life, ang kaligayahan—kahit panandalian.

Paano kung iyon pala ang tamang desisyon sa mundo?

"Grabe, ang daming pogi," wika ni

All rights reserved

Mely sa malakas na tinig para marinig niya ito. Malakas ang music. Ladies night pala. May sayawan at fifty percent off ang mga inumin. Maganda. Makakadami siya ng inom.

Umorder siya ng pulutan dahil sa totoo lang ay hindi masarap ang beer. Naisipan niyang sumubok ng cocktail. Nagtanong siya sa waitress kung ano ang masarap at inorder niya ang suggestion nitong long island iced tea na nang dumating ay agad niyang ininom. Mas masarap nga kaysa sa beer.

Paindak-indak siya habang nakaupo, sumisipsip ng iced tea na may halong alak. Si Mely ay nakigaya sa ibang table na sumasayaw kahit hindi na magpunta

sa dance floor. Nakigaya siya sa kaibigan.

Mabilis ang tugtog at sa tuwing mauuhaw siya ay panay ang sipsip niya sa straw. Para namang hindi siya nalalasing kaya feeling niya ay mahina ang tama ng inumin. Baka halos iced tea lang iyon kaya nakatatlo siya agad. Nagpaalam siya kay Mely na tutungo sa banyo at nang pabalik na siya sa mesa nila ay saka parang umikot ang mundo niya. Napakapit siya sa sandalan ng isang upuan.

Nilapitan siya ng waitress at inalalayang makabalik sa puwesto nila ni Mely.

“Ano, lasing ka na?” sigaw ng babae

All rights reserved

sa gitna ng "Five More Hours" ni Deorro. Sumasayaw ito, umiinom din.

Sinubukan niyang tumayo dahil gusto niya ang tugtog. Nakapagsayaw pa naman siya pero napaupo din sa couch nang gumewang ang mga paa. Tawanan sila nang tawanan ni Mely. Hanggang sa mahirapan na siyang tumayo.

"Mely, parang lasing na ako," aniya.

"Ay, hindi. Hindi ka lasing," tumatawang sabi nito, halatang nagbibiro. "Ngayon mo lang nahalata?"

"Paano ako uuwi, Mely?" Sa puntong iyon, para ba siyang natakot. "Uwi na tayo."

"Isang oras pa lang tayo dito, tumigil

ka nga diyan. Pahinga ka muna. Uy, may pogi, o." Itinuro nito ang isang grupo ng mga lalaki. "Hello, mga pogi."

Nakahandusay lang siya halos sa couch. Ang matinong bahagi ng isip niya ay hindi alam kung paano uuwi, ang isang bahagi naman ay sinasabing bahala na. Hanggang sa lumapit sa kanila ang mga guwapong itinuro nito. Mga mukhang dayo, hindi pamilyar sa kanya ang mga hitsura.

Tatlo ang mga lalaki, ang isa ay tumabi sa kanya, ngumiti.

"Hey," wika niyon.

"Hey?" tanging nasambit niya, saka napatingin kay Mely na noon ay nilalandi ng dalawang pogi.

Nagsasayaw ang tatlo, palaman sa sandwich ang kaibigan niya. “Mely,” tawag niya rito.

Itinulak ni Mely ang isang lalaki pero pumaikot ang braso niyon sa baywang ng kaibigan niya. Tatayo sana siya para makialam pero pag-angat niya ay umikot ang mundo kaya napaupo siya.

Kinuha na lang niya ang phone sa bag. Sino ang tatawagan niya? Dapat lalaki. Dapat iyong kaya silang ipagtanggol. Malaking lalaki. Iyong kuya ni Mely? Pero hindi iyon papapasukin sa Eclipse. Malamang na naka-shorts lang iyon at T-shirt.

“Manuel,” sambit niya, hinanap ang numero ng lalaki sa phone, saka

tinawagan.

Agad sumagot ang lalaki. “Lita?”

“Nasa Eclipse kami. Sunduin mo kami. May mga lalaki dito na—”

“Babe, who you talking to? Why don’t you be a good girl and just give me that thing?”

Bago pa siya nakahuma ay inagaw na ng lalaking katabi niya ang phone, saka siya hinagkan sa leeg. Itinulak niya itong pilit pero wala siyang lakas. Pilit niyang hinagilap ang katinuan sa langong isipan. Tumingin siya kay Mely. Parang ganoon din ang ginagawa nito. Nakaupo na ngayon ang babae, napapagitnaan ng dalawang kalalakihang hindi nila kilala.

All rights reserved

"Tagasaan kayo?" tanong nito. Alam niyang kabado ang babae at lasing na rin, kahit meron pang nalalabing katinuan. Pinapahinahon nito ang sitwasyon, gumagawa ng paraan para hindi mauwi sa kung saan ang lahat. May babala ang tingin nito, tila sinasabing maging alerto siya.

Sa ordinaryong pagkakataon ay madaling gawin pero hindi ganoong lango na sila. Gusto niyang bawiin ang phone sa katabi pero sa tuwing aabutin niya ay ilalayo nito, nakangiti pero walang balak ibigay iyon sa kanya. Kabado na siya sa puntong iyon, at marahil lalo nang kakabahan kung hindi lang dahil sa alak.

Nagyyaya ang mga lalaking umalis pero sa halip ay tinawag niya ang dumaang waiter, sinabing dalhan sila ng dalawang round ng inumin. Bibigyan sila niyon ng karagdagang oras, pero gaano katagal?

Nakita niya nang senyasan ng lalaki ang isa pang waiter, gumuhit ng kuwadrado sa ere, kinukuha ang bill. Tumayo siya pero isang higit lang ng lalaki ay napaupo na siyang muli.

"May problema ba dito?"

Napatingin si Lita sa bagong dating. "Manuel."

"Cocoy!" bulalas ni Mely.

Magkasama nga ang dalawang lalaki at mayroon pang ibang namukhaan

niyang mga manggagawa sa farm ni Ka Pablo. Pamilyar ang mga iyon sa kanya, palibhasa ay magkakakilala naman ang mga manggagawa ng mga sakahan. Alangang-alangan ang bihis ng lahat ng mga ito sa loob ng Eclipse. Ni hindi niya alam kung paano pinapasok pero hindi na mahalaga. Ang importante, ligtas na sila.

“Ang mabuti pa, mga brad, umalis na kayo,” wika ni Cocoy. Siguro sa lahat ay ito ang pinakanakakatakot ang hitsura dahil malapad ang katawan, malaki ang tiyan, maitim, at para bang ilang ulit nang napasali sa basagan ng mukha kaya hindi aatras. Buhay na testimonial ang mukha nito.

"Let us pay for the drink, at least," wika ng katabi niyang halatang natensiyon. Isinauli nito ang kanyang phone na ipinasak niya sa bag.

"Tara na," wika sa kanya ni Manuel.

Agad siyang tumango at tumayo. Inalalayan siya nito agad kaya hindi siya bumagsak. Si Mely naman ay inalalayan ni Cocoy. Eksaktong paglabas nila ay siyang pagdating naman ng kuya ni Mely, sakay ng arkilado nilang tricycle ni Enteng.

Nag-usap-usap ang kalalakihan, nagdedesisyon kung tatambangan ang mga bumastos sa kanila, pero sa huli ay nagpasyang pabayaan na lang dahil ayon kay Cocoy, "May mga testigo,

tagilid tayo."

"Ayokong umuwing ganito," aniya kay Manuel. Mapapapagalitan siya ng nanay niya. Hindi pa siya umuwing lasing kailanman. Kahit beinte-uno na siya sa araw na iyon, hindi pa rin siya makakaiwas sa sermon kung sa ganoong hilatsa siya pag-uwi.

"Magpababa muna tayo ng amats," sabi ni Mely.

Pero nakalapit na ang kuya nito at sinabi, "Uuwi ka na. Ako lang ang may karapatang maging lasenggo sa pamilya. Doon ka na lang magpalipas sa amin, Lita."

Agad siyang umiling. Alam niyang siksikan ang mga tao doon, saan siya

hihiga?

"Ako na ang bahala sa kanya, pare," ani Manuel.

"Ayos lang sa `yo, Lita?" tanong ng kuya ni Mely.

Tumango siya. Alak ang nagdesisyon. Eksaktong may dumaang tricycle at pinasakay muna sila roon ng mga lalaki, saka nagpaalam na rin at nagkanya-kanyang sibat.

"Ano, kaya pa?" tanong sa kanya ni Manuel. Siya ang nasa loob ng sidecar, ito ang sa tabi ng estribo.

Halos hindi na siya makakilos at pinipilit na lang idilat ang mga mata. Ngumiti ang lalaki, saka sinabi sa tricycle driver na ihatid sila sa Sierra

Horizon Suites. Napahawak siya sa bisig ng binata.

"Tatlong libo lang ang pera ko."

Ngumiti ito. "`Wag mo nang alalahanin, lasengga."

Napatirik na lang siya ng mga mata, saka pumikit. Mayamaya ay nadama niya ang banayad nitong pagtapik sa kanyang braso. Nagising siya. Bumaba na ito ng sidecar, saka siya inalalayang makababa na rin. Naglakad sila papasok sa three-star hotel. Wala siyang ideya kung magkano doon pero matutulog lang siya, magpapalipas ng kalasingan. Kahit sa mumurahing inn na lang.

Pero yao't dito ang ideya sa isip niya. Pinaupo siya ng lalaki sa couch sa

maliwanag na lobby habang ito ay kinausap ang reception. Pumikit siya at mayamaya ay muling tinapik ni Manuel sa bisig.

"Tara na."

"Saan?"

"Sa taas. Halika na."

Nagpatianod na lang siya rito. Hindi na malinaw sa kanya kung paano sila nakarating sa silid, basta't naglakad sila patungo sa elevator, sumakay doon, at heto na sila.

Agad siyang humiga sa kama at iyon ang huli niyang namalayan. Nang maalimpungatan siya ay madilim na sa buong silid, maliban sa isang ilaw sa tapat ng pinto. Paglingon niya sa

All rights reserved

kanyang kaliwa ay nakita niya si Manuel. Payapa itong natutulog.

Pinakiramdaman niya ang sarili. Bukod sa pananakit ng ulo at matinding pagkauhaw ay wala siyang nadamang kakaiba. Maingat na lang siyang bumangon para uminom ng tubig. May nakita siyang bottled water at iyon ang sinaid.

Simple lang ang silid. Mayroong closet sa tabi ng pintuan, katapat ng pinto ng banyo. Mayroong maliit na ref, pahabang mesang mayroong upuan, katabi ng malaking TV na nasa tapat ng malapad na kama. Magkano kaya ang babayaran niya?

Bigla niyang hinanap ang phone na

nakita naman sa loob ng kanyang bag. Nag-search siya sa internet kung magkano ang isang silid doon. Muntikan na siyang masamid nang makita niyang tatlong libo ang halaga. May pera naman siya pero sayang pa rin. Kasalanan niya, uminom siya at hindi niya pala kayang dalhin. Nagkamali siya ng tantiya.

Nagsepilyo siya at naghilamos, matapos ay maingat na tumabi kay Manuel. Nabigla siya nang pumihit ang lalaki at yumakap sa kanya. Tulog ito kaya hindi niya magising para alisin ang bisig sa kanya. Isa pa, gusto niya ang pakiramdam niyon, ang init. Bumuntong-hininga na lang siya at

niyakap ang bisig nito.

Nang magising siya ay maliwanag na sa labas. Bahagya lang lumusot ang sinag ng araw sa gilid ng makapal na kurtina. Nakadantay pa rin sa kanya ang bisig ni Manuel, habang ang isang hita ay parang hook na inilapit siyang lalo dito.

"Kumusta ang tulog mo?" maaligasgas nitong tanong, halatang kagigising lang.

Kung sana lahat ng tao ganoon ang hitsura kahit bagong gising—parang puwedeng model ng unan at kumot. O model ng kape. O model ng simula ng isang magandang umaga.

"O-Okay lang. I-Ikaw?" Siyempre,

All rights reserved

dumadagundong ang puso niya. Katabi niya si Manuel… Buong magdamag silang magkatabi.

Ngumiti ito. "Ayos na ayos. May katabi ba naman akong maganda."

Kinabig siya nito. Napaurong siya palapit dito, napasiksik sa init nito. Ang bango ng lalaki. Gusto niyang huwag nang umalis pa sa bisig nito.

"Bakit ka naglasing, miss, hmm?" tanong nito, yakap pa rin siya, ang ulo ay nasa itaas ng ulo niya.

"B-Birthday ko."

"Uy, happy birthday. Ano'ng gusto mong regalo?"

Napangiti siya, mabuti at hindi nito nakikita. Sweet ang luku-luko kaya ang

All rights reserved

bilis tuloy niyang nagkagusto rito. Nakakainis. Ang lakas magpakilig pero madami namang babae. Baka hindi lang siya at si Carmen, baka meron pang iba. Pero sa mga sandaling iyon, nagdesisyon siyang pagbigyan ang sarili.

"W-Wala. Salamat na dumating ka, ha? Hindi namin kilala ang mga `yon. Ay, shit!" Bigla siyang napalayo rito, saka hinanap ang phone. Naupo siya sa gilid ng kama. Ginapangan siya ng kilabot nang makitang nakalimang tawag na ang nanay niya at mayroon siyang lagpas beinteng messages. Agad na niya itong tinawagan.

"`Nay, sorry," aniya pagkasagot nito.

“Nasaan ka bang babae ka?!” tanong nito agad. “`Nay, kausap ko na apo mong sutil!”

“`Nay naman. Sorry po. Kasi nalasing ako kagabi—”

“At si Mely, bakit hindi rin makontak?!”

“Kasi po nalasing din siya. Nagpasundo po kami sa... k-kuya niya. Uuwi po ako mamaya.”

“Maayos naman ba ang kalagayan mo diyan? Sa susunod, anak, magsabi ka.”

Oo na lang siya nang oo. Noon lang niya nagawa ang ganoon. Nawala sa isip niya kaninang nagising siya na magpadala ng message dito. Dapat naalala niyang maagang nagigising ang

lola niya kaya siguro, nang hindi siya masilip sa silid ay agad nang ginising ang nanay niya at naturete na ang dalawa. Maaga pa rin naman, alas-siete pa lang.

Tinapos na rin niya ang tawag nang mapanatag ang babae. Napabuga siya, sabay lingon kay Manuel na nakangiti sa kanya. Naihilamos niya ang kamay sa mukha.

“U-Uuwi na ako, Manuel.”

“Mamayang konti na. Halika muna, sabihin mo sa `kin kung ano’ng nangyari kagabi.”

Saglit lang siyang naalangan pero humiga ulit. Nasa dulo siya ng kama, ito naman ay malapit sa gitna, nakatagilid

All rights reserved

paharap sa kanya.

“B-Buti nakarating ka agad? Ikaw ba ang kumontak sa kuya ni Mely?” aniyang tumagilid para makaharap dito. May kalahating dipang espasyo sa pagitan nila.

“No’ng tumawag ka, nando’n sa apartment ang tropang bukid, saka si Cocoy. Sahod, eh, nagkayayaan ng inom. `Yong isang tropa, kilala ang kuya ni Mely. Siya ang tumawag. Buti nga madami kami, mga kasamahan ko. Nakalipat na ako kay Ka Pablo. Natanggap ako do’n kaya umalis na ako sa bigasan. Mas maganda ang pasahod, may pabahay din. Mamayang hapon ako maglilipat ng gamit.”

Parang napahiya si Lita. Halos ganoon din ang sistema kay Ka Berting pero hindi niya tinanggap si Manuel noon.

"Sorry na hindi kita tinanggap noon—"

"Wala `yon. `Wag mo nang isipin. Ayos naman ako sa Ka Pablo."

"Buti pinapasok kayo sa Eclipse?"

"Kakilala ni Cocoy `yong guard. Ngayon, sabihin mo sa akin kung bakit ka naglasing?" Ngumiti ito.

Mukha namang hindi ito inis sa kanya, nakasulat sa mukha nito ang pagkaaliw.

"N-Napainom lang. P-Paano `yon, hindi mo na makikita araw-araw si

All rights reserved

Carmen kung wala ka na pala sa palengke?"

"Nagseselos ka pa rin ba kay Carmen?" tila nanunudyong tanong nito, namimilyo ang mga mata. "Kaya ba bigla kang nagalit na naman sa akin?"

Nag-init ang kanyang mukha nang maalala ang mga sinabi rito noong huli, lalo na iyong bahaging hindi sila magkalebel. Ilang ulit iyong bumagabag sa kanya pero kinumbinse niya ang sariling panindigan na lang dahil wala rin naman siyang magagawa.

"Nakita ko kayo sa Sierra Del Paraiso."

Mukhang nabigla ito, saka sinabi,

All rights reserved

"Tingnan mo nga naman ang pagkakataon. Sa lahat ng matitiyempuhan mo, `yon pa. Sana nagtanong ka sa akin. Tinawagan niya ako noong araw na `yon, ang sabi kung puwede ko raw siyang tulungang magbuhat ng nabili niyang TV. Tumanggi ako pero sumama ang loob. Para `yon lang daw, ano ba naman daw ang maliit na pabor. Napaoo na rin ako. Nagkita kami do'n sa appliance center, pero hindi siya nakabili. Umuwi na lang kami, sumakay ng tricycle. Plano ko, last na `yon kasi kung saan-saan ako niyayaya—"

"Tulad do'n sa resort?" singit niya.

Tumango ito.

All rights reserved

“M-May nangyari sa inyo so girlfriend mo na siya,” sabi niya.

“Walang nangyari sa `min.”

“Huuu, nadala ka nga sa resort.”

“Nandito tayo sa hotel ngayon, pero meron bang nangyari? Wala naman. Hindi ako gano’n. Saka umalis din ako no’n kasi mahirap namang umasa siya sa isang bagay na hindi ko kayang ibigay.”

“`Yong pagbili niya ng TV, dahilan lang niya?”

Tumango ito. “Parang. Alam na rin pati ng tricycle driver na ituloy sa Paraiso `yong sasakyan. Nagulat ako no’n. Lalo na pagdating namin, may kuwarto na daw, sabi no’ng

All rights reserved

sumalubong sa amin. Tumanggi ako, saka nagpaalam na rin. Mula no'n, hindi na ako kinausap ni Carmen. Ayos lang. Nag-resign na rin naman ako sa bigasan no'ng matanggap ako sa Ka Pablo."

"B-Bakit hindi mo nagustuhan si Carmen?" Hindi alam ni Lita kung bakit ganoon ang tanong niya. Parang tanong ng timang.

Nagkibit ng balikat ang lalaki. "Hindi ko rin alam. Siguro dahil iba ang gusto ko." Ngumiti ito, isang masuyong ngiti. "Pero parang hindi kami magkalebel kaya nakahiyaan ko na ring pormahan, kahit iyon sana ang plano ko noong una."

All rights reserved

Biglang nag-init ang kanyang mukha. “S-Sorry. Hindi naman `yon ang intensiyon kong sabihin. Nagkataon lang na… na…”

“`Wag mo nang isipin.”

Natahimik siya, habang ito naman ay umusog papunta sa kanya. Mayamaya ay yakap na siya nito.

“Puwede na ba akong manligaw ulit?”

Bigla tuloy siyang napahagikgik, sabay tango. Malaki ang hinala niyang sasagutin niya ang lalaking ito.